Tomo XXXVIII Blg.1

Hunyo-Hulyo 2013

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila



Patnugutan ng Matanglawin

2013-2014



MARIA EMANUELLE TAGUDIÑA
AB COM '14
Punong Patnugot

MA. ELIZA GAIL D. SALLAO
BS BIO '14
Katuwang na Patnugot

EXEQUIEL FRANCESCO C. SALCEDO
AB POS-MPM '14
Nangangasiwang Patnugot

DENIVEE C. NOBLE
BFA ID '15
Patnugot ng Sulatin at Saliksikan

DYAN C. FRANCISCO
BFA ID '16
Patnugot ng Sining

BENJHOE C. EMPEDRADO
BS LfSci '14
Patnugot ng Lapatan

JENNICKA RHEA N. LEORAG
BS ME '15
Patnugot ng Web-Nilalaman

NATASSIA MARIE N. AUSTRIA
AB POS '14
Tagapamahala ng mga Proyekto at Pangyayari

LOUISE NICOLE N. COMBATE
BS LfSci '15
Tagapamahala ng Pandayan

NOEL L. CLEMENTE
BSM AMF '14
Ingat-yaman

PRISTINE ALTHEA DE LEON
AB COM '14
Pangkalahatang Kalihim

Sulatin
Katuwang na Patnugot: Maj Delfin, Allison Lagarde, Ray Santiago

Xavier Alvaran, JR Ang, Shannon Azares, Clinton Balbontin, Pao Banadera, John Jeoffrey Bantayan, Arvin Castelo, Alex Dungca, Marc Duque, Abegail Esteban, Jerome Flores, Gretchiela Gabral, Alyssa Leong, Raphael Limiac, Francis Manuel, Clyde Maramba, Leslie Mendoza, Wel Mendoza, KD Montenegro, JC Peralta, Reizle Platitas, Kevin Solis, Fe Trampe, Andrea Tubig, Erson Villangca, Clarisse Zaplan, Geneve Guyano

Sining
Katuwang na Patnugot: Jeffrey Agustin, Khalil Redoble

Joann Abarrientos, Marie Aquino, Gett Baladad, Juella Bautista, Arielle Bonifacio, Madelaine Calanta, Ingrid Espinosa, Chelsea Galvez, Iza Jonota, Trisha Katipunan, Camille Luber, Deo Macahig, Ciary Manhit, Leo Marcelo, Mau Naguit, Kimberly Ong Pe-Aguirre, Joe Pulma, Dion Januel Ramboa, Aika Rey, Loree Reyes, Jeruscha Villanueva, Carissa Yap, Marj Zulueta, Precious Baltazar

Lapatan
Katuwang na Patnugot: Melvin Macapinlac

Jared Abubo, Athena Batanes, Jami Cudala, Jeah Dominguez, Bianca Espinosa, Bambi San Pedro, Vochelle Sia, Marcel Villanueva

Web
Malik Bernardo, Donald Bertulfo, Jami Cudala
Toph Doncillo, Justin Peña

Pandayan
Katuwang na Patnugot: Rizza de Jesus, Mox Erni, Joanne Manalo

Zenas Harvey Apal, Maynard Chua, Dominic Enriquez, Geofrey Jorge, Nansei Kawamoto, Jessica Lim, Chin-chin Santiago, David Magbanua, JP Murao, Bianca Paraiso, Eana Puspos, Eunice Patricia Santos, Shasta Tiro, Jomar Villanueva

Pananalastas
Alfons Joson, Reese Villote

Lupon ng Tagapayo

Chay Florentino-Hofilena
Kagawaran ng Komunikasyon

Dr. Agustin Martin Rodriguez
Kagawaran ng Pilosopiya

Lech Velasco
Programa ng Sining

Mark Benedict Lim
Kagawaran ng Filipino

Dr. Benjamin Tolosa
Kagawaran ng Agham-Politikal
Tagapamagitan

Kabataan bilang pag-asa ng bayan

Nakaukit na sa paniniwala ng bawat Filipino na nakasalalay sa paghubog natin sa mga bata kung paano nila itataguyod ang ating bansa sa hinaharap. Idiniriin sa ating kamalayan, sa unang pagtungtong pa lang natin sa paaralan: Magsanay ka na, Maging mabuting halimbawa sa iba, Gamitin ang utak, Mangilatis. Lahat ng ito, dahil darating ang panahong ikaw ang titingalain ng bayan. Boses mo ang kakatawan sa iyong kapuwa.

Hindi biro ang tungkulin ito, lalo na ang ipinagpalagay na tiyak na maisasakatuparan ng kabataang Filipino balang-araw ang pagiging "pag-asa ng bayan." Ang taguring ito, tila masyadong tiyak sa kaniyang sinasabi. Bago pa man maitayang susunod nga sa yapak ng mga bayani ang nakababatang henerasyon, pagmuni-munihan: sa anong uri ng paghuhubog napasasailalim ang mga ito? Sino ang huwarang magtuturo sa kanila tungo sa kadalasang mahirap ngunit tamang daan? Lahat ba ng kabataan, may pantay-pantay na pagkakataong matuto at makibahagi sa lipunan? Kung iisipin, pare-pareho ba ang realidad ng lipunan na dinaranas natin?

Sa mahahabang kalye mula Taft hanggang Espanya, mula Katipunan hanggang Diliman, maraming mag-aaral ang nagsusubok na makatapos sa isang kapita-pitagang pamantasan. Nagsisikap ng apat na taon, nagtitiis at nagtitiyaga, sa pag-asang maihahanda sila nito sa mabagsik at masalimuot na kinabukasan. Ngunit sa mga pinakatagong sulok ng Maynila, binabagtas naman ng mga batang lansangan ang mabagsik at peligrosong lungsod.

Sa bayang ito, may pag-asa bang maging pag-asa ang bawat bata?

Nilalathala ng mga pahayagan ang mga matatamis na tagumpay ng mga iskolar o kahit simpleng mag-aaral lang na nakapagtapos at patungo na sa mas marami pang oportunidad sa mga pinili nilang larangan. Ngunit sa parehong linya ng mga balita, sa parehong pahina ng pahayagan, may mga balita ng karahasan, kahirapan at kawalang-katarungan. Ang mga marhinalisado – nananatiling pumapaikot sa malalaking balita, hindi nawawala, kahit saan ka lumingon ay nariyan. Kumakapit sa mga gilid ng pahina, at kailangang kumapit upang hindi matabunan ng mga balitang nagpapaka-importante.

Naniniwala ka ba na isang araw, may pag-asang maging pag-asa ang bawat batang tinuturingang pag-asa? Handa ka bang magsilbing pag-asa ng susunod na magdadala ng bansa?



TUNGKOL SA PABALAT

sining ni Joe Pulma

Paano nga ba nasusukat ang kaligayahan? Nababayaran ba ng salapi ang ilang segundong pagtawa at pagngisi ng mga batang paslit? Nabibili ba ang kaligayahang namumutawi sa mukha ng mga musmos, sa simpleng pagbahay-bahayan, paghahabulan? Maiba taya ang hamon sa atin ng mga musmos–ano nga ba ang makabubuo sa iyo upang masabi mong tunay ka na ngang maligaya?

TANAWIN AT TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kaniyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan—katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan—kabilang na ang kritisismo—ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

PAGWAWASTO

Sa isyu ng Matanglawin Abril - Mayo 2013 (Tomo XXXVII Blg. 1), hindi nailagay ng patnugutan bilang bahagi ng bagwisang Sulatin at Saliksikan si Shannon Leigh Azares. Nais bigyan ng patnugutan ng karampatang pagkilala ang manunulat na ito bilang kasalukuyang bahagi pa rin ng publikasyon. Humihingi ang patnugutan ng Matanglawin ng paumanhin sa kung ano mang problemang naidulot ng nasabing mga pagkakamali.

Ang Matanglawin ang opisyal na pahayagang pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila.

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat sa pagsipi ng nilalaman basta hindi nito sinasaklaw ang buong akda at may karampatang pagkilala sa mga lumikha. Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa pahayagan at nilalaman nito. Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa 426-6001 lokal 5449 o sumulat sa patnugutan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (Blg. 201 – 202), Manuel V. Pangilinan Center for Student Leadership, Mga Paaralang Loyola, Pamantasang Ateneo de Manila, Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108. Maaari ding bumisita sa www.matanglawin.net o magpadala ng email sa matanglawin.ateneo@gmail.com

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Kalipunan ng Pahayagang Pangkolehiyo sa Filipinas (CEGP).

TALAAN NG NILALAMAN
TOMO 38, BLG. 1
2013 - 2014



11 **Tampok**
Mukha ng Protesta: Noon at Ngayon
Pagkilala sa pagbabagong mukha ng aktibismo noon at ngayon

14 **Dugong Bughaw**:
20/20 ni Geoffrey A. Guevara

17 **Pitik putak**: Kabataang Alagad ng Sining, May Pagkiling sa Environmental Activism
Dalawang larangang tumutugon sa iisang layon

22 **Bertigo**: "Lunod"
ni Anne Denise Patricia Santos
Ikalawang Gantimpala sa Timpalak Bertigo-Sanaysay

24 **Sigaw ng Bayan**: Ang Kanser ng Bagong Henerasyon
Kabataan sa kabila ng pagkalulong sa ipinagbabawal na gamot

27 **Pitik putak**: Paghahanap sa Pilipinong Einstein: Kabataang Pilipinong Siyentipiko Tungo sa Globalisasyon
Sapat na nga ba ang tulong na natatanggap ng mga kabataang Einstein ng ating bansa?

30 **Mata sa Mata**: Manix Abrera
Sulyap sa buhay ng komikerong bumuo ng Kikomachine Komix

33 **Mata sa Mata**: Sipa ng Tondo
Pagkilala sa Tondo United, ang grupong nagpakilala ng larong futbol sa Tondo

36 **Pitik putak**: Pagbabago sa Bayan, Ako?
Paghahasik ng liwanag sa pamahalaan: Mga kabataan sa gobyerno

39 **Bagwis**: Mga nagwaging tula sa Timpalak Bertigo
Bianca Monique Are
Marie Elisha Rodriguez

20 **Talim ng Balintataw**
kuha ni Joe Pulma, titik ni Noel Clemente

Luwalhati

EMANSIPASYON

IMAN TAGUDINA
iman.tagudina@gmail.com



Ang Luwalhati ng Maynila ay isang home for the aged na nasa pangangalaga ng munisipalidad ng Maynila, ngunit matatagpuan sa compound ng Boystown sa Marikina. Caregivers kami para sa mga lolo't lola na iniwan, at napag-iwanan, na ng mundong minsan nang umaruga at inaruga nila. Dalawang beses sa isang linggo kami pinapapunta sa Luwalhati, at apat na linggo kaming ganito, para makumpleto ang 16 na oras na rekisito. Sa isang dyip na bumibyahe ng 30-45 na minuto, binabaybay ang Marikina, sinasabay ka sa mga studyante at guro, mga lasing na pauwi pa lang, mga gayak na gayak na para sa trabaho, mga galing sa pamamalengke. May mga bangag pa nga, basag, bigo. Bugbog sa kaiisip, bi-Bingo na sa buhay. Kami lang ang bumababa sa Boystown.

Hindi matutularan yong karanasang mag-aalaga ka ng lola na hindi mo kaano-ano. Makikita mo kung papaanong unti-unti silang tinatalo ng sakit ng katawan. Pinapapila namin sila sa batalan para paliguan, yong iba uupo, at maghihintay na may magbuhos ng malamig na tubig sa ulo nila. Walang maligamgam na tubig, kahit na gusto namin hindi sila ginawin. Kami ang magsasabon sa likod nila gamit yong tuwalyang nakababad sa nilusaw na shampoo't sabon, at ibibigay sa kanila pagkatapos para sila na ang magkuso sa sarili nila. Pagkatapos, pupunta sila sa kabilang kuwarto kung saan nandoon lahat ng daster nila. Walk-in closet, ang biro namin, para sa humigit-kumulang 100 na lola ng Luwalhati.

May pinaliguan akong lola, na habang kinukuso yong likod niya, hinahalikan niya rin yong mga kamay ko, habang sinasabing "Pasensya ka na anak, ha? Salamat anak, ha?" Sasagutin ko na siya, pero uulit-ulitin niya lang yong mga katagang yon. Gusto kong sabihin na, Pasensya na rin lola, ha. Walang mainit na tubig. Sorry, lola.

Madalas, mag-isa sila. Naghihintay ng sundo, umaasang may dumating para ilabas sila. Natutuwa sila lagi kapag may bisita. May bagong mukha, mga mukhang hindi pa nadadaplisan ng marurupok na alaala ng pagkalimot. Makukuwento nila sayo kung paano sila napunta don, kung paanong iniwan sila doon dahil hindi na alam ng pamilya nila kung ano ang gagawin sa kanila. May isang lola na pilit na ipinapakita sa akin yong kuwintas niya,, ipinapahawak: maganda ito, akin ito, akin lang! ang gustong iparating ng mga paghila niya sa kamay ko para haplusin yong alahas na gawa sa pinaghalo-halong takip ng bote. Bingi at pipi si lola, kaya hindi ko naitanong ang pangalan niya para sabihing oo nga, maganda, lola.

Makikita mo sa mukha nila na pilit na lang kinakalimutan ang hapdi at sakit dahil hanggang tapal na lang ang ginhawang matatamasa. Pagkatapos ng isang araw, andoon ulit yong sakit, yong hapdi, sa gabi kung kailan nakaalis na kami. Pansamantalang ginhawa ang dala namin, kahit na marami sa amin, hindi pa handang maghilom ng sugat.

Lagi, nahihirapan akong sabihin sa iba na malungkot, masakit doon: mga lola na akay-akay ang lahat ng gamit niya, laging handa nang umalis; mga lolo na paulit-ulit na dumadaan sa clinic para humingi ng gamot; mga lola na posturang-postura, parang may mahalagang pupuntahan. Mahirap ilarawan yong maliit na pag-asang nasisilayan ko sa mga mata nila. Hindi ko masabi sa iba na, sa dinami-rami ng kuwento ng pangungulila na maririnig mo sa loob ng compound, walang-wala ang mga break-up stories natin. Wasak, sawi, taob tayong lahat.

Sabi ni Ate Dina, yong isa sa apat na caregivers (apat para sa 300+ na matatanda), Diyos raw ang nagdala sa amin doon para magkaroon ng karanasang iba sa mga nakasanayan. Na biyaya ito, para sa min at para sa kanila. Na pagpapalain kami dahil sa tulong na ibinibigay namin para sa kanila.

Noon ko unang naranasan ang maging tao para sa iba.

Patuloy lang

HAGAYHAY NG PAGKAMULAT

ELIZA SALLAO
eliza.sallao@gmail.com



Ano nga ba ang karanasan ng isang batang mamamahayag? Sa loob ng dalawa't kalahating taon ko sa Mata, isa siguro sa pinakamalaking misteryo sa akin ang pagbalanse sa buhay-akademiko at buhay-mamamahayag. Ito siguro ang sumpa (o biyaya), na napakarami nating adbokasiyang pinaniniwalaa't pinaninindigan--puno ng ideolohiya, at nasa panig pa natin ang social media, kaya't tayo'y dinig na dinig. Nakikita rin natin ang aktibong partisipasyon ng kabataan, halimbawa na lamang ang Million People March sa Luneta at ang Katipunan Kontra Korupsyon sa ating sariling bakod.

Sa kabilang banda, mayorya ng mga rehistradong botante sa mga pambansang halalan ang nagmumula sa kabataan, ngunit kakaunti lamang ang aktuwal na nagtutungo sa presinto at bumuboto. Lumalabas na hindi sulit para sa kandidato na paglaanan ng oras ang kabataan. Nakalulungkot ngunit may bahid ng katotohanan. Sino nga bang makikinig sa hamak na bata lamang?

Halimbawa: Ano ba ang masasabi ng isang mag-aaral sa hayskul o kolehiyo tungkol sa mga isyu ng bayan? Wala naman daw tayong awtoridad para magkumento sa mga isyu at polisiya ng pamahalaan, para maghain ng kritika sa mga bagay na ating nakikita. Ano ba ang karapatan ng kabataan, na sa isipan ng nakatatanda ay walang ginawa kung hindi magreklamo ngunit hindi naman bukas umano sa pagbabago?

Sa isang pulong kasama ang ilang patnugot ng piling pahayagang pangmag-aaral sa Quezon City, napagtanto kong napakahirap ng kalagayan ng mga pahayagang pangmag-aaral, hindi lamang dahil sa kakulangan sa pondo, kundi dahil na rin sa administrasyon ng pamantasan ang sumasalungat sa kanila. Ang mismong gagabay sana sa kanila'y siya pang makitid ang pag-iisip, ang siyang pumipigil sa kabataang may magawa sana para sa pagbabago ng hirarkiya ng lipunan. Bakit? Napakatagal na ba nilang nasa sistema at umabot na sa puntong sila'y nilamon, at ngayon ay hindi na nila mabago ito (o sadyang ayaw nang baguhin)?

Nito lamang ay dumaan sa ilang pagsubok ang publikasyon, sa puntong ang pag-asa sanang makapaglimbag ng kahit isang isyu ay nawala. Hindi makagalaw ang pag-imprenta, natigil ang produksyon dahil hindi pa maibigay ang pondo sa kadahilanang hanggang sa kasalukuyan ay hindi mawari ng patnugutan. Sa gitna ng lahat ng iyon, sinasabi ko lamang sa aking sarili ay "patuloy akong magsusulat."

Nagpapatuloy ako dahil sa ideolohiya, dahil hindi pa ako nauupos, dahil nagsisimula pa lamang ako. Patuloy akong nagsusulat dahil hindi ko lamang ninanais na magmulat, kundi nais ko ring mamulat. Patuloy akong nagsusulat kahit walang pang-imprenta, kahit na hindi sumasagot ang kakapanayamin, kahit huli sa patayguhit. Nagpapatuloy ako kahit napakaraming salitang nais dumaloy, kahit hindi ako makapagsulat.

Nagkakaroon ng mga pagkakataon ng pagsuko, ng pananatili sa kadiliman, ng pagkapoot dahil hindi nakasasapat ang mga salita. May mga pagkakataon ng panghihina at pagtigil. Ngunit sa lahat ng taong aking nakilala, nakasalamuha; sa lahat ng taong nagbahagi ng kanilang kuwento sa akin, naririto pa rin ako at nagpapatuloy dahil utang ko sa kanila ang mga salitang dumadaloy. Ito ang tungkulin ko bilang mamamahayag.

Kung may isang bagay man akong natutunan bilang isang manunulat at mamamahayag, hindi kailanman sasapat ang mga salitang ito, ngunit magpapatuloy ako. May mga taong mas magaganda at malalalim ang mga salita; may mga taong patuloy na pipigil sa malayang pamamahayag; may mga taong patuloy na sasabihing wala kaming karapatang magsalita. Sabi nila'y matigas ang ulo ng isang bata at hindi marunong makinig. Puwes, ang tanging sasabihin ko lang, "Patuloy akong magsusulat."

Isang Paalala sa Pagtindig

SALITANG KALYE

KAYLE SALCEDO
kayle.salcedo@yahoo.com



Naniniwala ako na kalakip ng pagkakaroon ng matibay na paninidigan ang malalim na pagtangkilik sa isang malinaw at nauunawaang pinaninindigan. Bago humantong sa isang hatol na bunga ng ating "kritisismo", kinakailangang linawin muna natin saan nagmumula ang gayong kritisismo. Hindi katanggap-tanggap ang magpalutang-lutang lamang sa kawalan ng pagte-teorya. Hindi rin naman nararapat na basta na lamang tayong tumindig saan man tayo mapaapak. Kailangan nating alamin at siguraduhin, hindi lamang kung para saan, kundi saan tayo mismo nakatindig ngayon.

Isa itong pagtawag sa ating lahat upang lubusan nating matuklas ang kasalukuyang konteksto. Para sa mga nauna nang henerasyon, panahon ngayon ng pagkilos. Subalit para sa ating kabataan, panahon muna upang mag-isip. Hindi lamang pagpaplano ang pag-iisip, sapagkat nakatuon pa rin ito sa pagkilos para sa hinaharap. Natakatuon dapat ang pag-iisip sa ngayon, sa kung ano ang mayroon tayo, kalakip ang mga suliraning kasalukuyan nating kinakaharap. Hindi rin ito isang payak na pagtitimbang ng kapakinabangan at/o kasamaang maidudulot ng pagkilos natin. Kung gayon, patungkol pa rin ito sa magiging kondisyon natin, at hindi sa kondisyon natin ngayon.

Isa ba itong pagpapakitid ng pag-iisip? Isang pagpapaliit ng espasyong paggaganapan ng gayong pag-iisip? Hindi. Sa katunayan, isa itong pagpapalawig ng kahulugan nito. Isa itong pagtawag upang alamin muna natin, sa abot ng ating makakaya, ang dahilan at konteksto ng kasalukuyan nating kalalagayan, isang pagtawag na matutugunan lamang ng higit na pagkilala sa mga problema natin sa kasalukuyan.

Bilang halimbawa, bago tayo kumilos upang sugpuin ang "isang mapang-abusong sistema", alamin muna natin ang mga elementong patuloy na nagbibigay-buhay dito. Dapat nating unawain na tayo mismo ang dugo't laman ng kapitalismo. Kung wala ang pagkilalang ito, walang maidudulot na mabuti o kapaki-pakinabang ang alinmang anyo ng pakikibaka. Isa lamang itong kasinungalingan, hipokrisiya at kahihiyan sa ideolohiyang Marxista.

Hindi lamang simpleng propaganda ang kritisismo. Kakambal ng bawat kilos ang pag-asang tatalab ito, para sa anumang dahilan – pansarili man o panlipunang interes. Subalit bago ang pagkilos, naroroon muna dapat ang pag-iisip.

Isa pang paraan upang higit nating makilala ang kasalukuyang konteksto ay ang pakikisalamuha sa mga karaniwan at ordinaryong mamamayan. Hindi ito tumutukoy sa masa o sa higit na mababang estadong pang-ekonomiko, kundi isang nibel ng karanasan. Magkasangga ang karanasan at pag-iisip kung saan sa kawalan ng isa sa kanila, mawawalan ng katuturan ang natira.

Huwag rin sana tayong malito o mabulag sa pagkakaiba ng pagdanas at sa pagdama. Hindi katumbas ng pagdanas ng kahirapan ang minsang pagkasadsad at pagdama sa mga suliranin ng mga higit na nangangailangan nating mga kababayan. Gayundin, hindi ito sapat na dahilan upang ibigay natin sa ating mga sarili ang pagkilalang iginagawad sa mga pambansang bayani ng ating bansa, na tila tayo ang tagapagligtas ng sanlibutan mula sa pagkalugmok nito sa sariling kasalanan. Tayo man ang tinuturingang pag-asa ng kinabukasan, subalit hindi tayo ang pinakadakila sa lahat ng sumubok nang panibaguhin ang lipunan.

Mahalaga na maunaawan nating mabuti ang tunay na kahulugan ng pagtindig – ang mabigat na pagkatapak natin sa lupa. Hindi paninindigan ang kritisismong walang basehan at hindi lamang ang ating mga ideyal ang tanging basehan at tanging katotohanan. Isa itong tawag upang mag-isip at dumanas, kasama ang kapwa natin, upang lubusang malaman ang tunay nating kinakaharap sa kasalukuyan.

ANAK NG TUPA

Sabi ni Rizal,
"Nasa Kabataan
ang Pag-asa
ng Bayan!"

Pag-asa?

Pag-asa
nga ba?

#Itaguyod

Ang nag-iibang mukha ng lider-estudiyante habang at matapos ang batas-militar

nina: Fred Cruz, Henri Reforeal, at Justin Carandang
sining ni Khalil Redoble

Mukha ng Protesta: Noon at Ngayon

Tala ng patnugot: Ang mga artikulong kasama sa isyung ito ay bunga ng isang kolaborasyon kasama ang Pahayang Plaridel ng Pamantasang De La Salle. Sa kasamaang palad, nagkaroon ng problema sa produksiyon ng isyu, at naudlot ang proyekto. Napagkasunduan ng dalawang pahayagan na magkani-kaniya na lamang sa paglathala ng mga artikulo.

Sa kabila ng mga depinisyon ng kung ano nga ba ang aktibismo, kung papaano ito binubuo at isinasagawa, malimit nating nakakalimutan kung kanino nagmumula ang inisyatibong maging malay sa mga isyung panlipunan. Sa mga taon bago ang batas-militar, mga mag-aaral ang nakakita sa tiwaling lipunang nananaig, at sila rin ang tumindig, nanlaban sa sistemang ito. Sa kasalukuyan, ano na ang boses ng kabataang aktibista?

Apat na dekada na ang nakalipas mula nang mapasailalim ang bansa sa mga galamay ng isang mapanikil na pamahalaan. Mahabang panahon na ang lumipas ngunit baon pa rin ng lipunan hanggang sa kasalukuyan ang mapapait na alaalang sanhi ng pagkakabilanggo ng mga Pilipino sa piitan ng lipunang ikinahon sa Batas Militar. Wala umanong naging magandang epekto ang madilim na bahagi ng kasaysayang ito sa bansa.

Malawakan at tahasang paglabag sa mga karapatang pantao at talamak na korupsyon – ilan lamang ito sa mga problemang namayani sa lipunan at pamahalaan sa panahon ng Batas Militar. Sa katunayan, ayon sa ilan, ito ang isa ito sa mga itinuturong dahilan ng karamihan ng pagkakasadlak ng Pilipinas sa kahirapang dinaranas nito hanggang sa kasalukuyan.

Walang makapagtatanggi sa panlulupig noon ng diktadurya sa karapatan ng bawat mamamayan. Negatibo man ang saloobin ng karamihan sa mga naidulot ng Batas Militar sa ating lipunan, may ilang mga positibong epekto rin ang naidulot nito, hindi man sa lipunan, kundi sa pagtugon ng mamamayan sa mga usaping politikal sa bansa.

Humigit-kumulang dalawampung taon ng takot at pangamba ang naramdaman ng maraming Pilipino sa mga panahon kung kailan maaari silang hulihin ng pamahalaan kahit kailan. Matagal-tagal ding nanatili sa kapangyarihan si dating pangulong Ferdinand Marcos. Sa kabila ng mga ng despotismo at mga pang-aabuso ng pamahalaan, hindi naman natinag ang ilan upang patuloy na isulong ang kanilang mga pinaninindigan.

Sa loob ng dalawang dekada ng karimlang bumalot sa lipunan, unti-unting nagising ang natutulog na diwa ng mga Pilipino. Sa bawat karapatang nilupig ng pamahalaan, unti-unting nabuo ang kamalayan ng mamamayan sa tunay na kalagayan ng kanilang inang bayan.

Hanggang sa mapatalsik nga si Marcos at tuluyang mapanumbalik ang demokrasya noong 1986 sa EDSA People Power Revolution o mas kilala sa bansag na EDSA 1. Sa pamamagitan ng isang mapayapang rebolusyon, nagawa ng mga Pilipinong ibalik ang kalayaang ninakaw mismo ng kanilang pamahalaan.

Hindi maitatangging naging isang malaking salik ang sektor ng kabataan sa pagpapatalsik sa administrasyong Marcos noong panahon ng Batas Militar. Bago pa man ito iproklama, nanguna na kaagad ang kabataan sa pagkilos laban sa pamahalaang Marcos, na makikita sa First Quarter Storm noong 1970. Dito, nagdaos ng iba't ibang protesta ang ilang kabataan sa Kalakhang Maynila upang maiparating ang kanilang mensaheng humihingi ng reporma at pagbabago sa pamahalaan.

Mula pa lamang sa pangyayaring ito, tuloy-tuloy na ang naging pagkilos ng mga mag-aaral ng iba't ibang pamantasan para sa pagbabagong hinahanap nila sa "Bagong Lipunan" na dala ng pamahalaang Marcos. Isa na rito ang kabayanihang ipinakita ni Abraham Sarmiento, Jr, Punong Patnugot ng The Philippine Collegian ng Unibersidad ng Pilipinas – Diliman noong 1975. Bilang Punong Patnugot ng Kule noong panahon ng Batas Militar, inihayag niya ang mga problema ng bansa noon at ang pagtuligsa ng karamihan sa administrasyong Marcos. Dahil dito, hinuli at ikinulong siya bilang isang political prisoner.

KOSTKA KIDS, BENCH BOYS, AT ANG REBOLUSYON SA EDSA

Ang dekada '70 at '80 sa Pamantasang Ateneo de Manila ay panahon ng "Kostka kids" at "bench boys."

"Noon, 'yong mga socially-oriented na mga mag-aaral—bago matayo ang Colayco (MVP Center for Student Leadership ngayon)—nasa unang palapag ng Kostka. 'Yong mga nakaupo sa benches sa may caf[eteria], 'yon 'yong mga pa-sosyal," ani Benjamin Tolosa, PhD, propesor ngayon sa Kagawaran ng Agham Politikal sa Ateneo.

Noon, astig ang maging "Bench boy"; inaabot ng umaga sa pag-party at nanliligaw gamit ang tinaguriang "Arneowh accent." Imahen naman ng kontrakultura sa Ateneo ang isang "Kostka kid" – linggo-linggong nagpupunta sa "erya" upang makisalamuha sa mahihirap, aktibo sa mga immersion programs na tumatagal ng dalawang araw sa ordinaryong semestre at isang buong buwan kapag summer, nangungulit sa mga kaibigan na sumama sa isang focus group discussion o political education seminar, at – katulad ng mag-aaral sa ibang pamantasan na natangay sa daluyong ng aktibismo – nag-oorganisa at sumusugod sa lansangan.

Ang dalawang mukha ng Atenista noon ay dalawang uri ng pagtugon sa tanong na madalas nasasambit noong panahon ng diktadura: Sasayaw ba ang mga pamantasan sa saliw ng Bagong Lipunan? Kung tutuusin, madalas tinitingnan ang rehimeng Marcos bilang panahon ng radikalisasyon ng mga mag-aaral sa kolehiyo. At, kung bibigyan ng larawan ang naturang radikalisasyon, madalas ginugunita ang mga Isko at Iska na nagmamartsa sa Mendiola, o sina Joma Sison at Nur Misuari na nagbibigay ng mga talakayang politikal sa Diliman, o ang pahayagang Philippine Collegian ng UP na naghahamon sa lahat, "Kung hindi tayo kikilos, sino ang kikilos? Kung di tayo kikibo, sino ang kikibo?"

Tila nalimutan na noong mga panahong iyon, may mga pagkilos at pagkibong nagaganap na sa Katipunan at Taft.

Isa pa sa patuloy na umaalala sa panahong ito si Raymund Habaradas, kasalukuyang guro sa Kagawaran ng Pangangasiwa at Organisasyon sa Pamantasang De La Salle. Naging patnugot siya ng Ang Pahayagang Plaridel (publikasyon ng La Salle sa wikang Filipino) dalawang taon matapos EDSA People Power Revolution.

"Nahubog ako ng aking mga karanasan bilang mamamahayag pangkampus at bilang ordinaryong estudiyanteng nagsikap na makakuha ng magandang edukasyon sa isang



THE EMOTIONAL INVOLVEMENT OF THE STUDENTS THEN WERE GRAVER SINCE IT IS THEIR VERY LIVES THAT THEY PUT AT STAKE. THEY THEMSELVES MAY HAVE BEEN VICTIMS OF TORTURE.

EMMELINE AGLIPAY, DATING PANGULO NG USG-DLSU



kilalang unibersidad," ani Habaradas. Itinuturing ni Habaradas ang kaniyang pagiging mag-aaral sa pamantasan hindi bilang aktibista kundi tagapagmasid sa mga pangyayaring politikal at panlipunan sa huling saglit ng batas-militar. "[Datapuwa] nakisali ako sa mga kilos-protesta laban sa pagtaas ng matrikula at laban sa mga base-militar,"aniya.

PAGBABA SA BUROL TUNGO SA KALSADA

Isa naman si Tolosa sa mga muling nagtatag ng Matanglawin, ang pang-Filipinong publikasyon ng Ateneo, noong 1982 bilang "palabas" at "mas lantarang politikal" na alternatibong pamamahayag. (Siya ang naging katuwang na patnugot nito.) Naging inspirasyon para kay Tolosa ang pagkamatay ni Edgar Jopson, dating pangulo ng Sanggunian ng mga Paaralang Loyola ng Ateneo de Manila. Nagsimula si Jopson bilang moderate na aktibista at naging pinuno ng National Union of Students of the Philippines ngunit kinalauna'y nagawi sa radikal na paksiyon ng mga aktibista at sumapi sa New People's Army.

"Tumatak sa amin iyan kasi hindi naman kami simpatetiko sa national democracy, pero kung ganoon 'yong nangyayari sa mga taong tumataya, kung ayaw mo ng ganoong alternatibo [na armadong pakikibaka], kailangang matapatan mo rin 'yong ganoong pakikisangot. Unti-unting tumatama sa aming kailangan mo na ring makisangkot sa pampulitikang larangan," ani Tolosa.

Ang Sanggu ang nagsilbing tagapagsulong sa mga Atenista ng politikal na partisipasyon. Mula 1976 hanggang 1985, idineklara ng Sanggu ang linggo kung saan papatak ang Setyembre 21 bilang Linggo ng mga Pambansang Usapin. Nag-organisa rin ang nasabing konseho ng Ateneo ng mga candle-lighting ceremony, rosary rallies, at kilos-protesta kasama ang mas malawak na samahan ng mga mag-aaral tulad ng Alyansa ng mga Kristiyanong Mag-aaral (AKMA). Bukod kay Jopson, marami ring lider-estudiyante ang nanawagan para sa higit pang pakikisangkot ng mga Atenista.

"'Yong batch bago kami, tulad ni [Atty.] Jimmy Hofileña [kasalukuyang Vice-President for Social Development ng Ateneo] – 'yon ang naging hamon niya sa amin, na harapin ang tunggalian," ani Tolosa. "'Yong Batch '80 – sina [Fr.] Jett Villarin [kasalukuyang Pangulo ng Ateneo]– sila kumbaga 'yung mga idol namin noong araw."

Naglitawan noon ang iba't ibang mga partido politikal tulad Sandigang Atenista para kay Kristo at Inang Bayan, mga organisasyong nasa ilalim ng socially-oriented activities o SOA, at tsapter pangkampus ng mga organisasyong tulad ng AKMA, Samahan ng Malayang Kabataan, at iba pa. Nabuo ang isang koalisyon ng iba't ibang samahan na tinawag na Nagkakaisang Mag-aaral ng Ateneo, na para kay Tolosa, ay "pressure group sa pamantasan" na tumugon sa mga nangyayari sa labas nito. Masasabing malawak ang kamalayang politikal sa Ateneo noong rehimeng Marcos, at tinatayang isang-katatlo (1/3) ng pamantasan ang sumama sa People Power noong 1986.

ANG LA SALLE PAGKATAPOS NG 1986

Ang pakikisangkot sa politika na nahubog noong panahong Marcos ang isang bagay na nagpapatuloy sa La Salle. "Karamihan ng mga naunang lider sa partido namin ay namulat noong panahon ng batas-militar kaya nananatili ang impluwensiya nila sa amin," ani Emmeline Aglipay, pangulo ng University Student Government (USG) sa DLSU noong 2002 sa ilalim ng Alyansang Tapat sa Lasallista, isa sa mga pangunahing partido sa politikang pangkampus. Kasalukuyan siyang kinatawan ng Democratic Independent Workers' Association (DIWA) party-list sa Kamara.

Ayon kay Aglipay, mahalaga ang papel ng kabataan sa lipunan kaya dapat itong makisangkot at maghayag ng kurukuro ukol sa mga usaping sosyo-politikal. Tinitingnan niya ang aktibismo bilang paraan ng mga mag-aaral upang magpahayag ng saloobin o ideya ukol sa mga realidad na matatagpuan sa labas ng silid-aralan.

"Noong ako ang pangulo, sumasama pa rin kami sa kilos-protesta katuwang ng iba pang student council. Noong panahong iyon, may NUSP, na maka-kaliwang samahan ng mga mag-aaral. Bahagi rin kami ng USCP, na nasa gitna [ng political spectrum]. Ganiyan kami nakikisangkot," paliwanag ni Aglipay.

Ilan sa mga usaping natalakay ng USG sa nagdaang mga taon, sa gunita ni Aglipay, ay edukasyon, katiwalian, mga base-militar, fraternity hazing at ROTC. Ipinagmalaki rin ni Aglipay ang pagpapalabas ng opisyal na tindig ng mismong pamunuan ng De La Salle sa mga partikular na isyu.

AKTIBISMO SA PAGLIPAS NG PANAHON

Mahigit dalawang dekada na ang nakalilipas mula noong EDSA 1. Wala nang diktaduryang lumulupig sa karapatan ng mamamayan. Gayunpaman, tila dala pa rin ng lipunan ngayon ang mga problemang naiwaksi na dapat kasabay ng pagpapatalsik sa rehimeng Marcos. Marami nang nagbago sa lipunan at kasabay nito ang kapansin-pansing pagbabago sa paraan ng pagtugon, hindi lang ng kabataan, kundi ng mamamayan sa mga isyung panlipunan. Tulad ng EDSA 1, talamak noong mga panahong kakatapos pa lang ng Batas Militar ang pakikibaka sa lansangan.

Laganap pa rin ang mga kilos-protesta hanggang sa kasalukuyan ngunit hindi maitatangging malayo na ang mukha ng aktibismo ng kabataan ngayon kumpara noon. Ganito ang paniniwala ng pangulo ng Student Council (SC) noong 2002 na si Emmeline Aglipay. Aniya, malaking pagbabago ang pinagdaanan ng aktbismong pang-mag-aaral noong nagsilbi siyang pangulo ng SC. Ayon kay Aglipay, malalim ang karanasan ng mga tagapagtatag ng Alyansang Tapat sa Lasallista noong Batas Militar, na malaki ang naging impluwensya sa kanyang mga prinsipyo bilang pinunong mag-aaral.

"In that time, student activism was not as militant as it was during the 80's," giit ni Aglipay. Pagsasalaysay pa niya, aktibo nang nakikilahok ang SC sa mga kilos-protesta sa ilalim ng kanyang liderato. Sa katunayan, nakipag-kaisa pa sila sa mga sangguniang mag-aaral ng ibang paaralan upang magsagawa ng kilos-protesta. Gayunpaman, iginiit naman ni Aglipay, "It's (aktibismo) less aggressive because we know that during the Martial law, it was a strong government, that a lot of [the] people who went against the government just disappeared." Paliwanag pa niya, wala ang naturang banta sa mamamayan ngayon kung kaya't hindi na ganoong kasidhi ang pakikisangkot ng kabataan sa kasalukuyan. Pagsasalaysay ni Aglipay, "the emotional involvement of the students then were graver since it is their very lives that they put at stake. They themselves may have been victims of torture."

Sa kasalukuyan, iba na ang mga pagsubok na kinahaharap ng lipunan kaya hindi maiiwasang magbago rin ang pamamaraan ng kasalukuyang henerasyon sa pagsusulong ng kanilang mga adbokasiya. "The government is [now]more open to discuss with [the] civil society," pahayag ni Aglipay.

AKTIBISMO VS BOLUNTERISMO

Lumipas ang panahon at nagbago ang mga mukhang nangunguna sa pagkilos ng iba't ibang pamantasan. Kasabay ng pagtakbo ng oras, nagbago rin ang paraan ng pagsusulong ng layunin o adbokasiya ng isang grupo. Sa kasalukuyan, makikita ito sa pamamagitan ng bolunterismo.

Para kay Aglipay, isang uri ng aktibismo ang bolunterismo. Aniya, "Volunteerism is more of the support structure of the civil society – a support mechanism for the projects of the government." Dagdag pa niya, maaari ring maihanay ang bolunterismo bilang isang uri ng aktibismo dahil pumapanig ang isang mamamayan sa isang simulain ng pamahalaan. "It (Bolunterismo) usually connotes that you are taking a fluid stand in support structures to support the government. Volunteerism is more neutral [kind of activism]," ani Aglipay.

Sa kabila ng pagkakaroon ng iba't ibang gawain ng parehong pamantasan para maisabuhay ng kanilang mga mag-aaral ang boluntaryong pagtulong para sa bansa, litaw na litaw pa rin ang elitistang pagtingin ng mga taga-labas sa ADMU at DLSU.

Isa sa mga nakikitang dahilan ni Aglipay sa ganitong pagtingin ng mga mamamayan ang pamantayan sa pagpasok pa lamang ng isang mag-aaral sa DLSU. Aniya, "I think because those who have the means to enter DLSU are from the upper classes. We have to admit that. We are privileged compared to the general populace of the youth." Dagdag pa niya, dahil dito, masasabi ng mga taga-labas na hindi nararansan ng mga mag-aaral ng DLSU ang paghihirap na nararanasan ng ibang kabataan. Sa kabila nito, para kay Aglipay, maaaring maging isang hamon ang ganitong pagtingin ng mga taga-labas para sa mga Lasalyano. "Although there are a number of scholars [in DLSU], even though not part of middle or upper class, they don't compromise the majority. This kind of image is attributed to this. It doesn't mean it should limit us. That's why we have always been involved with national issues," ani Aglipay.

HIGIT SA PAKIKIBAKA AT PROTESTA

Kamakailan lamang, isinulong ang isang Million People March, isang protesta na sagot ng henerasyong ito sa isyu ng nakawan ng pondo ng bayan. Maraming Atenista, La Sallista, at iba pang mag-aaral ang pumunta sa Luneta upang gunitain ang pagkakaisa ng taumbayan laban sa nakawan na nagaganap sa lipunan. Naging mapayapa ang protesta, natawag nito ang atensyon ng medya, at itinuturing na simulaing hakbang patungo sa mas malawakang aksyon at tugon ng henerasyong ito sa isyu ng korapsyon.

Malayo na ang narating ng kilusan ng kabataan ngayon—nananatili pa rin ang boses ng kabataan sa isyu ng mga henerasyong bago pa man sa kanila. Nananatili pa rin ang tindig ng kabataan laban sa korapsyon, laban sa tiwaling lipunan, laban sa inhustisya. Nagbago na man ang kalakaran dahil na rin marahil sa pagdating ng social media, patungo pa rin sa iisang adhikain ang mga protestang isinusulong sa kalsada.

Tala ng patnugot: Ang seksiyong ito ay isang natatanging bahaging nakalaan para sa kontribusyon ng mga mag-aaral, guro, akademiko, at mga kawani ng Ateneo. Inaanyayahan ng Matanglawin ang sinuman na magpasa. Maaaring ipadala ang kontribusyon sa Matanglawin, Silid-Publikasyon (MVP 201-202), o i-email sa matanglawin.ateneo@gmail.com

20/20 20/20 20/20

ni Geoffrey Guevarra

Si Jope Guevara ay nagtuturo ng Pilosopiya ng Tao (PH101/PH102) sa Pamantasang Ateneo de Manila. Kasalukuyan niyang tinatrabaho ang kaniyang PhD Philosophy sa parehong pamantasan.

Bata pa ako naririnig ko na ang mga linyang, "Ang mayayaman, patuloy na yumayaman; ang mga mahihirap, patuloy na naghihirap." High school pa lang ako, ito na ang pangungutyang sinabi ng guro ko na kahit noong bata pa rin daw siya, ganoon na rin daw ang pagbubuntong-hininga ng mga tao. Nilarawan niya ang kalagayang ito gamit ang dalawang baliktarang mga tatsulok na nagpapakita ng ugnayan ng yaman ng bayan at ng mga tao sa lipunan. Ang malaking bahagi ng kayamanan ng bayan 'di umano ay napupunta lamang sa iilan, at ang maliit na dulo ng tatsulok ay pinaghahatian ng nakararaming mahihirap.

Hindi ito bago. Sa kolehiyo, iyon din ang natutunan ko at hanggang ngayon na nagtuturo ako, iyon na rin ang sinasabi ko at ng iba pang mga tagasaliksik, gumagawa ng analisis, at kahit pa siguro ang mismong pamahalaan. Malungkot na balita iyon dahil ang ibig sabihin nito ay sa loob ng 20 na taon, wala pa ring nagbabago at tila suntok sa buwan ang umasa pa tayo na may magaganap na pagbabago sa susunod pang 20 na taon.

Wala nga bang nagbago? Marahil ay wala nga. Tumingin na lang tayo sa paligid at masasaksihan pa rin natin ang gutom, hirap, at kawalang pag-asa ng mga tao. Nagsisiksikan ang mga tao sa masisikip na kuwadro sa looban. Namamalimos pa rin ang mga paslit at ang mga ale na may kalong-kalong na sanggol sa kalye. Patuloy pa rin ang sigaw ng mga manggagawa ng dagdag na sahod tuwing Mayo Uno, ng mga jeepney driver ng dagdag na pasahe, ng mga namumuhunan ng dagdag na ayuda ng gobyerno. Nagmamartsa ang mga magbubukid upang ipaglaban ang kanilang karapatan sa lupang sinasaka. Naglipana pa rin ang mga kolorum na sasakyan. Nakapupuslit pa rin ang mga smuggled na kotse. May nagpapaihi pa rin ng mga trak. Pataas nang pataas ang presyo ng gasolina, habang patuloy na dumarami ang mga bagong sasakyang walang plaka. Hindi pa rin nawawala ang mga nangongotong na traffic enforcer at mga pulis na malalaki ang tiyan. Tungkol pa rin sa nawawala o pinagpalit na mga anak ang mga teleserye. Sina Bossing, Kris, at Bong pa rin ang mga bida sa taunang MMFF. Tinatangkilik pa rin ang mga drama sa buhay ni Kris at tinututukan pa rin ang Eat! Bulaga. Gayundin ang enterteynment sa politika, parehong mga pangalan at tauhan ang namumuno sa bansa—Aquino, Binay, Marcos, Estrada. Anong pagbabago pa ba ang maaasahan natin? Kung ang namumuno sa itaas ay walang pinagbago, ang binabalita ng media ay pareho pa rin, hindi malayong parehas na kuwento lamang din ang pang-araw-araw na buhay ng ordinaryong tao. Walang nagbabago sa itaas, wala ring magbabago sa baba. Hindi ko na papangarapin pa na mag-iba ang linya ng mga kritiko—na kahit na tumaas pa ang GDP, kulang naman ang serbisyo at hindi inklusibo ang "pag-unlad" ng ekonomiya. Na hindi ito nararamdaman ng mga mahihirap. Subalit sa bagay na ito rin naman ako hihiwalay sa kanila ng landas.

MAGHAHAIN NG ALTERNATIBO. ANG KRITIKO AY PINAG-IINIT NG GALIT SA MGA BAGAY NA WALA SA KANYA O MGA BAGAY NA HINDI NIYA MAAABOT; ANG KRITIKAL AY PINAG-AALAB NG MGA PAGPAPAHALAGA AT PAGMAMAHAL SA KOLEKTIBONG KALAGAYAN.

Una, iba ang pagiging kritiko at pagiging kritikal. Ang kritiko ay walang ibang ginawa kundi hanapan ng mali at kakulangan ang isang bagay, kultura, pamamaraan, o sistema. Ang kritikal ay mapanuri, mapanimbang. Tumitingin siya sa kanyang paligid at sinusukat ang mga nasasaksihan ayon sa mga mithiin ng bayan at kultura ayon sa panahon. Ang kritiko ay pupuna at pupukol; ang kritikal ay magsasabi ng mga obserbasyon at maghahain ng alternatibo. Ang kritiko ay pinag-iinit ng galit sa mga bagay na wala sa kanya o mga bagay na hindi niya maaabot; ang kritikal ay pinag-aalab ng mga pagpapahalaga at pagmamahal sa kolektibong kalagayan.

Malaki ang magagawa ng pag-iiba ng dalawang pananaw na ito—kritiko at kritikal—sa pagsuri at pagharap sa kalagayan ng bansa. Ang kritiko ay gumagalaw sa isang pag-iisip na magbabago lamang ang kalagayan sa baba kung ito ay magbubuhat sa itaas. Hindi ito maling pananaw, lamang, wala itong patutunguhan lalo na sa isang bansang sagad-sadlak sa realidad ng pagkamarami ng mga mahihirap at ang pagkanasasaiilan lamang na may pangalan ang kapangyarihan. Ganito na ang sitwasyon noon pa; hindi ito magbabago sa pagngawa. Iiwasan kong ipasa ang bintang sa mga may pangalan bilang sanhi ng paghihirap ng kanilang kababayan. Tatanggihan ko rin naman ang paghusga sa mga mahihirap bilang nagpaparami lamang, tamad, at walang alam. Hindi ko rin sasabihing bukod-tanging mahihirap lamang ang nahihirapan. Nahihirapan ang lahat sa iba-ibang paraan ano man ang kanilang kalagayan sa buhay. Dito naalala ko ang isang debateng pinagawa sa amin ng aming guro noong nasa ika-4 na taon ako ng elementarya. Ang tanong ay: Mas masaya ba ang mayayaman kaysa mga mahihirap? Hindi ko maalala kung ano ang naging pagsasara ng guro ko sa paksa. Ang naalala ko lang ay ang katotohanang may kanya-kanyang bigat at dagok ang kapalaran sa tao kaya nga't importante ang kanyang pananaw sa kanyang buhay: magiging kritiko ba siya o magiging kritikal? Magpapakain ba siya sa galit o bubunuin niya ang mga hamon upang umunlad?

Pangalawa, kailangang linawin ang ibig sabihin ng "pagbabago" o "pag-unlad." Tungkol lamang ba ito sa pagkakaroon ng pagkain sa hapagkainan? Tungkol ba ito sa kawalan ng baha? Sa pagkakaroon ng mga tahanan? Tungkol ba ito sa pagtaas ng PSEi o paglakas ng piso o pagtaas ng GDP? Tungkol ba ito sa pagkilala sa mga Filipino sa pandaigdigang kamalayan? O sapat na bang makitang humihinga, nakatatawa, at nakakapag-bidyoke pa ang mga tao? Hangga't ang depinisyon ng pag-unlad ay mananatiling kanluranin, hindi nito kailanman mapapanatag ang mga kalooban ng mga mamamayan. Hindi ang hindi paghawak sa pera ang nagpapahiwalay sa mga mahihirap sa mayayaman. Ang patuloy na hindi pagdinig sa kanilang daing at punto de bista ang nagpapalala ng agwat ng mga tao sa isa't isa. Pinakamababaw na sukatan ang perang hawak ng tao. Kung paano tingnan at pahalagahan ng lipunan ang pera ang siyang sanhi ng kahirapan. Dahil sa malaking pagpapahalaga sa pera, lalong bumababa ang tingin ng mga naghihirap sa kanilang sarili. Ang tingin nila'y lumalangoy lamang sila sa kumunoy ng pagkahindi-kailanman-maaabot ng mga bagay na nakikita nila sa TV, dyaryo, at katabing village. Ang ganitong kalagayan ang tunay na kahirapan ng mga mahihirap, hindi ang kawalan ng kwarta. Sa kabilang ibayo, ang kahirapan ng mga may kaya ay ang kawalang katapusan ng pagnanasang laging maging higit sa kanilang kauri. Isang uri rin ito ng kumunoy na nag-uugat sa loob. Ang kalaban ay ang kanilang sarili at ang mga multo ng magulang, kaibigan, ka-opisina, kauri. Walang panalo sa dalawang magkaibang laban na ito maliban sa paggising sa realidad.

At ano nga ba ang realidad? Ang realidad ng bansa natin, kung pagmamasdan lang talaga, ay ibang-iba na sa kung ano ang meron noong high school pa lamang ako. Marami nang nagbago—napatag na ang kalsada papunta sa amin, may bago nang mga daan, may mga pulis nang matatakbuhan at mapagkatitiwalaan, nakakabili na tayo ng mga barko, eroplano, at kagamitang pamprotekta sa ating soberanya, ang bawat mag-aaral ay may upuan nang sarili sa mga pampublikong paaralan, naglilipatan na ang mga guro sa mga pribadong paaralan patungo sa pampubliko, kilala ang Filipinas sa mundo hindi lamang bilang DH kundi sa kanilang talento lalo na sa pagkanta, ang dami nang nakapaglalakbay sa loob at palabas ng ating bansa, kabi-kabila ang mga mall na tinatayo, ang daming tao lagi sa Starbucks, halos lahat may cellphone, iphone o android. May sinasabi itong maganda tungkol sa kalagayan ng ating bansa. Hindi man ganap ang pagbabago, hindi man lahat ay nakikinabang, ang punto ay may nangyayaring positibo. Pinakabasiko na ang kakayahan nating gumising tuwing umaga nang may pagtitiwalang may pupuntuhan ang pamumuno ng mga tao sa gobyerno—hindi nila tayo niloloko o pinagnanakawan. Ngunit itong pagkasiguro na ito ay mawawala kung pipiliin ng tao na magpaka-kritiko sa halip na maging kritikal. Na isipin laging mula sa itaas pababa ang dapat na kilos sa loob ng lipunan ay pagpapadaig sa kapalaran ng kahirapan sapagkat ang dapat na atitud sa isang kalagayang sakdal-hirap ay gawin ng sarili ang lahat ng maaari niyang gawin sa kanyang kinalalagyan sa ibaba sabay ang pagsasaayos ng mga sistema sa itaas. Salubungan ito ng taas at baba na mangyayari lamang kung magiging kritikal ang bawat isa sa mga kinalalagyang katayuan, istruktura, at kultura, ilalapat ang mga ito sa mga layunin at mithiin ng bayan at kasaysayan.

Luma na ang ngawngaw; panahon na ng pag-ako sa mga tungkulin natin bilang mga tao at mamamayan ng bayang ito. Totoong marami pang dapat gawin at ayusin sa bansa ngunit hindi ito magagawa sa pag-upo sa gilid at pagpukol ng mga puna sa lahat maliban sa sarili.

Kung gusto ninuman ng pagbabago, baka ang kailangang unang baguhin ay ang pananaw (pag-tanaw). Baka mata ang luma, hindi ang mga bagay na tinitingnan. m

ni Rhea Leorag
sining ni Alex Yap
kuha ni Dyan Francisco
lapat ni Vochelle Sia

Kabataang Alagad ng Sining, May Pagkiling sa Environmental Activism



"'Yong energy ng kabataan, kapag ibinuhos sa sining, puwedeng makatulong sa pagsalba sa kalikasan."

May natatanging ugnayang nakikita si Amado Guerrero "AG" Saño sa kabataan, sining, at kalikasan. "Kaya nilang isalba ang isa't isa. Sa problema ng kapaligiran, magagamit mo 'yong sining. 'Pag may problema 'yong isang kabataan, puwedeng sining at kapaligiran ang maglayo sa kanya sa mga bagay na di niya dapat ginagawa."

Mula sa kaisipang ito, pinangunahan ni Saño ang network na Dolphins Love Freedom (DLF), isang kampanya upang mapalaganap ang kamalayan sa di-makatuwirang pagpaslang sa mga dolphin. Sinusulong ng grupo ang pagkontra sa brutal na paglapastangan sa dolphins, ang pagkatay nito para sa karne, at ang paghuli upang gamitin sa marine mammal shows. Pumapasok ang sining sa porma kung papaano pinipiling ipalaganap ng DLF ang kanilang adbokasiya. Sa pamamagitan ng mural paintings na isinasagawa nila sa iba't ibang lugar, literal na nailalarawan nila sa mga tao ang kagandahan ng mga dolphin at iba pang laman ng dagat.

Ayon kay Saño, nagsimula ang lahat sa pagmamahal niya sa potograpiya, partikular noong nag-volunteer photographer siya upang kuhanan ang mga humpback

whales para sa World Wide Fund for Nature (WWF), ngunit 'di naglao'y nagtrabaho na rin siya para sa Disney. Inakala niyang kuntento na siya sa kanyang ginagawa hanggang sa mapanood niya isang araw sa CNN ang isang dokumentaryo ng dalawang aktres mula sa Hollywood na lumalaban kontra sa pagpatay ng mga dolphin sa Taiji, Japan. Naantig ang damdamin ni Saño lalo pa nang tanungin siya ng isang kaibigan, "'Di ba dapat, ganyan 'yong ginagawa mo?"

Iniwan ni Saño ang komportableng trabaho at pamumuhay upang bumalik sa Filipinas. "Narealize ko na kailangang magkaroon talaga ng tree-huggers. Kailangang may mga tao na pagtawanan para may ibang tao na tumayo rin at lumaban."

PAGSISIMULA NG DOLPHINS LOVE FREEDOM

Noong 2010 unang napanuod ni Saño ang "The Cove," isang dokumentaryo ni Ric O' Barry na isinisiwalat ang malawakang pagpatay at pagbibili ng mga dolphins sa Taiji, Japan. Napukaw ang damdamin at pati na rin ang imahinasyon ni Saño, kaya't agad-agad siyang naghanap ng art materials, pader na mapipintahan, at nagsimulang gumawa ng mural. Humantong ito sa pagsilang ni Dolphin No. 1 sa isang pader sa Babuyan Islands. Sinundan ito ni Saño ng isang post sa Facebook na nagsabing, "We will paint one dolphin for every dolphin that you kill in Japan."

Nakakuha ng maraming atensyon ang nasabing post. Pag-aamin ni Saño, "Hindi ko alam kung paano ko gagawin ['yong kampanya], pero hindi ko na mabawi." Dumating ang mga text, tawag, at e-mail na nag-iimbita sa kanyang magpinta ng dolphins sa iba't ibang lugar. Sa ngayon, sa pamamagitan ng pagkalap ng volunteers, nakapagpinta na ang DLF ng higit 23,000 dolphins sa iba't ibang lugar sa Filipinas, gayundin sa ibang bansa.

Ayon na rin kay Saño, maraming dahilan kung bakit hindi dapat patayin o ikulong ang mga dolphin at alisin sa kinagisnan nitong tahanan sa karagatan. Una na rito ang kaibahan ng likas na diet ng nasabing hayop, gaano man kamahal ang ipinapakain sa kanila sa mga lugar na nagsasagawa ng dolphin shows. Gayundin, self-aware umano ang mga dolphin kaya may emosyonal at mental na epekto sa kanila ang sapilitang pagpapagawa ng kung ano-anong bagay kapalit ng pagkain. Nangangahulugan ito na may kaalaman sila sa mga bagay na nais nilang gawin at sapilitang ipinagagawa sa kanila. Madalas, negatibo ang bunga ng pinagagagawang pagpapasikat ng mga dolphin sa mga show dahil hindi ito ang normal nilang ginagawa. Bagama't nakapagsanay naman sila sa ilalim ng bihasang trainers, hindi likas sa mga dolphin ang pagbibida sa harap ng marami para makakuha ng pagkain. Ilan lamang ang mga ito sa mga kondisyong nagiging sanhi ng mabilis na pagkamatay ng mga dolphin na ginagamit sa marine mammal shows.

Bukod pa rito, may mga dolphin ding hinuhuli at kinakatay para sa ilegal na kalakalan ng karne nito. Hindi taon-taong nanganganak ang babaeng dolphin, at hindi rin ito nanganganak nang higit sa isa. Aniya, "Malayo ang agwat ng rate of slaughter sa rate of reproduction. Man-made 'yong (mga problema). Tayo lang din ang pag-asa nila. Walang ibang gagawa. 'Yon ang hamon."

Paano nga ba makagagawa ng paraan kung walang masyadong nakaaalam ng problema? Sining ang nakikitang instrumento ni Sano para maisakatuparan ang layunin niyang mamulat ang lahat sa suliranin ng mga dolphin.

SINING PARA SA PAGBABAGO

"Naniniwala ako sa 'art as a medium for change,'" pahayag ni Saño. Para sa kaniya, malaki ang maitutulong ng sining sa pagmulat sa madla sa mga isyu ng lipunan.

"Kapag naglagay ka ng isang mural sa public space, limitless yung possibilities, limitless



'yong potential ng magiging audience mo. Hangga't may dumadaan, hangga't hindi kumukupas yung pintura, nandiyan yung message mo. Kahit wala ka doon, nandoon pa rin ['yong gawa mo]."

Dagdag pa ni Saño, "Wala naman akong sinasabi na [ang pagpipinta] ang pinakamagandang paraan [para ipahayag ang nais kong sabihin]. Pero 'yon 'yong pinakamagandang paraan na kaya kong ibigay."

Habang parami nang parami ang mga mural na nagagawa ng DLF, dumarami rin ang nakaaalam tungkol sa proyekto at patuloy na naipalalaganap ang adbokasiya. Sa kabuuan, sa kontribusyon ng volunteers umaasa ang DLF. "'Yong isang volunteer, nagkakaroon siya ng sense of ownership doon sa artwork. Dahil dito mas ipinalalaganap nila 'yong impormasyon tungkol sa proyekto."

PAGPAPALAGANAP NG KAMALAYAN

Isa sa pinakamahalagang bagay na nagagawa ng DLF sa ngayon, para kay Saño, ay ang pagpapalabas ng dokumentaryong The Cove sa iba't ibang lugar. "Major achievement 'yon kasi naipadala namin sa mga tao 'yong mensahe na gusto naming iparating. Maraming nagpahayag ng pagbabago sa buhay nila, sa pananaw nila sa environment, sa pananaw nila sa dagat, 'yong nangyayari sa Taiji," pagkukuwento ni Saño.

Ngunit hindi laging maganda ang nagiging resulta ng pagpinta. Ilang araw matapos ang isang mural project sa Subic, ninais ng ilang personalidad (na pinaniniwalaang binayaran ng mga tao mula sa industriya ng marine mammal shows) na tanggalin ang nasabing mural. Sa kabila nito, hindi pumayag ang pangkat ni Saño, lalo pa't ayon sa kaniya'y pinayagan naman sila ng lokal na pamahalaan ng naturang lugar.

Sa kabila ng tila maraming balakid, patuloy lang ang pangkat nina Saño sa pagpinta. "Hangga't may pagkakataon, hangga't may oportunidad na madala 'yong mensahe namin sa mga tao," puno ng pag-asang pahayag ni Saño.

IBA PANG GRUPONG KUMIKILOS PARA SA KALIKASAN

Bukod sa DLF, bahagi rin si Saño ng grupong Dakila, isang pagkilos tungo sa pagpapaalam sa Filipino na maaari siyang maging isang makabagong bayani. "Maraming paraan kung saan puwede mong i-advocate 'yong cause mo, basta para sa ikabubuti ng nakararami," ani Kate Lim, isang miyembro ng organisasyon.

MAN-MADE 'YONG (MGA PROBLEMA). TAYO LANG DIN ANG PAG-ASA NILA. WALANG IBANG GAGAWA. 'YON ANG HAMON.

AG SAÑO, DOLPHINS LOVE FREEDOM

Itinataguyod ng Dakila ang "art not just for art's sake." Sa pakikipagtulungan ng Oxfam Philippines, isa sa mga proyekto ng Dakila na nakasentro sa kalikasan ang isang album ng mga awit at tula tungkol sa climate change, na kanilang ipinamahagi sa mga kongresista bilang isang uri ng lobbying upang mahikayat ang mga ito na magsagawa ng konkretong aksyon ukol sa nakaaalarmang mga epekto ng pagbabago ng klima. Gayundin, nagkaroon sila ng music workshops para sa mga bata sa Malabon kung saan gumawa ng sarili nilang komposisyon ang mga bata tungkol sa kanilang kapaligiran.

Para kay Lim, mahalaga ang pagiging malikhain sa pagpapalaganap ng isang adbokasiya. "Paano mo iparirinig sa tao 'yong isyu kung pakiramdam nila hindi naman sila apektado? Kailangan mong maging malikhain," pahayag ni Lim. "Kailangan mong mag-think out of the box. Kung sinasabi nating sa sistema 'yong problema, paano mo siya makikita kung hindi mo kayang tingnan iyong labas?"

SA SENTRO NG LAHAT: ANG KABATAAN

Malaki ang papel ng kabataan sa mga adbokasiyang isinusulong para sa kalikasan. "'Yong henerasyon nila [at 'yong mga susunod pa] ang makatatanggap ng kahirapan na maidudulot n'ong pagkasira ng kalikasan. Mahirap nang i-reverse eh," ani Saño.

Para naman kay Lim, may natatanging perspektiba ang kabataan na magagamit at maiging gamitin para sa adbokasiyang gaya nito. "Dahil may impluwensiya na tayo ng kultura at teknolohiya, mas creative tayo. 'Yong henerasyon kasi natin, we have to speak in our own language." Tayo mismo ang nakaaalam kung paano natin ipararating sa iba ang gusto nating sabihin.

Binigyang-diin nina Saño at Lim ang kahalagahan ng paghanap sa sariling potensiyal. Kasunod nito ang pagtuon ng pansin sa nasabing kakayahan at paggamit nito upang masuportahan ang adbokasiya kung saan ang bawat indibidwal ay nakakiling.

Ani Lim, ang hamon para sa kabataan ay ito: "Magsimula ka sa pag-alam ng adbokasiyang sinusuportahan mo at kung bakit. Tapos tingnan mo 'yong kakayahan mo ngayon, paano mo ito magagawa?"

Malaki ang magagawa ng kabataan, kaya isipin na lang natin kung ano ang kayang magawa ng mga ito kung may mahahanap silang adbokasiyang ipaglalaban. Gamit ang angking talento, mabibigyang tinig at mapatitingkad ang paniniwalang nais maiparating sa kapuwa natin. Tunay na mahalagang magkaroon ng kamalayan sa mga isyu ng kalikasan, dahil ito ang estruktura at buhay ng ating tahanan. Sa pagiging malay, makapagsisimula na tayong makapagmulat at makapag-anyaya ng kapuwa nating magiging kaakibat natin sa pakikipaglaban para sa Inang Kalikasan.

Iba-iba man ang magiging paraan ng pagpapahayag ng ipinaglalaban, sa huli, iisa lang naman ang nais nating makamit: Isang mundong ligtas at malinis para sa lahat ng naninirahan dito at sa lahat ng maninirahan pa rito.

Kabataan, simulan mo na ang pagharap sa hamon. Magsimula sa maliliit na mga hakbang. Magsimula sa isang desisyon: Makikialam ka ba at gagawa, o papalakpak na lamang habang pinanonood ang pagkasira ng kalikasan at kapuwa mo namumuhay rito?



May mabuting balita raw rito:
baka nagtatago sa tugon at liriko;




kapag natuto akong magbasa
at buksan ang mga mata,



mapapawi ba ang hikbi
kung isusubo ang daliri?



Kung ako'y makipila
sa pagkuha ng ostiya



makakatatas ba ako
sa kilapsaw ng estero?



Kaya ko bang ipasan
ang "pag-asa ng bayan"?

PAG ASA

titik ni Noel Clemente
kuha ni Joe Pulma
lapat ni Jeah Dominguez



LUNOD

ni Ann Denise Patricia S. Santos
St. Paul College Pasig
sining ni Camille Luber

Ikalawang Gantimpala sa
Timpalak Bertigo - Sanaysay

Malawak at malalim na karagatan ang sumambulat sa iyong mga mata – ang nagkikislapang tubig, ang hindi matapos-tapos na daloy nito, at ang paghuni ng ihip ng hangin habang dahan-dahan mong pinariringgan ang tawag na dumarating. Nakita mong daliang tumalon ang iba. Mabilis at napakaliksi nilang inilusong ang buong pagkatao sa naturang anyong dagat nang hindi nalalaman ang kalaliman at hangganan nito, kung mayroon man.

***

Minsan nang sinabi ng ating pambansang bayani ang mga katagang, "Ang kabataan ay ang pag-asa ng bayan," at mas madalas pa sa minsan kung tayo'y sabihan ng mas nakatatandang magkakaroon ng bagong umaga dahil tayo'y naririto't buong dangal na ipagtatanggol ang Inang Bayan mula sa mga samu't saring masasamang elementong bumabalot dito. Ngunit hindi mo ba naisip na nasabi na rin iyan sa sangkatutak na kabataan? Marahil ang mga nauna'y puti na ang mga buhok ngayon o 'di kaya'y yumao na. Hindi mo ba napagtantong ang mga salitang mayroong mabigat na ibig iparating ay tiyak na sasabihin din sa henerasyong pagkatapos pa ng magiging apo mo sa tuhod? Ano ba ang mayroon sa kabataan upang maituring sila bilang makabagong Hesus ng makasalanan na Filipinas?

Marahil ang una't lohikal na isasagot ng nakararami ay dahil kay inosenteng Totoy at kung gaano siya kadaling hulmahin. Madali pang hubugin ang kaniyang pagkatao sapagkat mababago mo pa ang mga mali ng nakaraan at maituturo sa kanya kung ano ang tama at dapat gawin. Mapakikiusapan mo siyang mag-aral nang mabuti, magbasa't manalig sa Maykapal upang lumaki itong intelihente, edukado, at may takot sa Diyos – mga katangiang pinaniniwalaang makasasalba sa ating lahat pagdating sa presintong kulungan ng kasalukuyan. Ito ang ideyal na kabataan ng mundo. Ito ang pinaniniwalaang susi sa tagumpay at liwanag sa dilim: ang pagkakaroon ng ibang pananaw sa mga bagay-bagay at lakas ng loob na ipahayag ito nang buong puso at tapang sa madla.

Sa kasamaang palad, hindi ito ang nangyayari sa ating lipunan. Bagama't puno pa rin ng ligalig at panaginip ang kabataan ng ngayon, hanggang dito na nga lang ba ang mararating nila? Kung hanggang pagtingala nalang sa langit at pagtitig sa mga namamatay na bituin na lamang ang magagawa nila ngayon, tama bang isipin na mayroon pa namang susunod na kabataan? At wasto pa rin ba ang pagsabing sila – at sila lamang – ang pag-asa ng bayang ito? Paano na kung hindi niya kayang magampanan ang mga responsibilidad na iniatas sa kanya? Ano naman ang gagawin ng mga mas nakatataas? Mayroon nga bang mapapala kung iaasa lamang sa kabusilakan ng puso ng mga munting kayamanang ito?

***

Bigla ka na ring tumalon sa dagat nang walang kaalam-alam. Ang bugso ng damdamin at bilis ng mga pangyayari'y sinalungatan ng paglubog mong kay bagal. Pilit kang humihingi ng tulong ngunit walang nakaririnig sa iyo. Sa pusod ng dagat ika'y mananatili hangga't hindi mo natutunan kung paano lumangoy papaakyat nang sa gayo'y ikaw ay marinig at masilayan ng lahat.

Subalit huwag kang matakot, munting dilag, sapagkat hindi ka nag-iisa.

ANG KANSER NG BAGONG HENERASYON



nina Allison Lagarde, Char Tolentino, at Yanna Zamora
sining ni Blanca Espinosa at Khalil Redoble
lapat ni Marcel VIllanueva

Kadalasang inilalarawan sa mga panulat ni Jose Rizal ang kanser ng lipunan sa kaniyang panahon. Kaugnay nito, hindi malimit na kanyang banggitin ang pagiging "pag-asa ng bayan" ng kabataan upang mabura ang mga "kanser" na ito. Gayunpaman, habang tumatagal, tila salungat sa inaasahan ni Rizal ang nangyayari sa kabataan sa panahon ngayon. Kapansin-pansin ang tumataas na bilang ng mga batang nalululong sa masamang bisyo — sugal, paninigarilyo, labis na pag-inom ng alak, at higit sa lahat, pagkalulong sa ipinagbabawal na gamot. Ayon sa pag-aaral na isinagawa ng World Health Organization na sumasaklaw sa mga taong 1994 hanggang 2002, tumaas ang bilang ng mga gumagamit ng ipinagbabawal na gamot tulad ng marijuana at shabu, mula sa 6% noong 1994, hanggang 11% noong 2002. Sa naturang pananaliksik, lumabas na ang marijuana ang pinakaginagamit na bawal na gamot.

Bilang pagtugon sa partikular na kanser na ito, may mga institusyong tumutulong sa kabataan upang makamit ang pagbabago – isang pamamaraan upang muling maisabuhay ang tiwalang ibinigay ni Rizal sa kabataang pag-asa sana ng bayan.

PAGKALULONG

Kuwento ni Loy*, 25, nalulong siya sa droga sa ibang bansa noong siya'y 18 taong gulang. "Nahirapan ako makipag-interact sa iba, kaya ayon siguro, medyo hindi ako nakapili ng taong sasamahan." Para naman kay Bert*, 33, matagal na panahon pa bago siya nasanay dito. "Tatlong taon," aniya. "Patikim-tikim, hanggang sa nauwi sa bisyo."
Marami sa kabataan ngayon ang gigil sa pagsunod sa uso, kaya kahit alam nilang sobra na, hindi titigil. Sa ganitong edad, hindi maiiwasan ang paghahanap ng kanilang lugar sa lipunan dahil dito nakasalalay ang pagbuo ng kanyang pagkakakilanlan at tiwala sa sarili. Kung hindi makayanan ang ganitong pressure mula sa kapaligiran, naghahanap ngayon ng pansamantalang gamot sa problema na ito. Ang nagiging sagot sa problema: droga na nagbibigay ng pansamantalang aliw at paglisan sa realidad.

Problema ring maituturing ang mga "curiosity" o pagkahilig sa pag-eksperimento. Sadyang mapagtanong ang tao, lalo na kapag ang naririnig niya ang "ligaya" na dulot 'di umano ng pagtikim. Hindi rin maipagkakaila na hinahanap-hanap lagi ng tao ang mga bagay na masarap o nakapagpapagaan ng pakiramdam. Gaya ng anumang bisyo na sinasabing "lalong tumatagal, lalong sumasarap", nasasanay ang sistema ng tao sa mga bagay gaya ng alak, sigarilyo, droga. Kalaunan, nagiging masamang bisyo na ito na makasasama sa kalusugan.

PANUNUMBALIK

Nabubunyag ang lahat ng lihim. Gaano man ito itinatago ng isang gumagamit, darating ang panahon na matutuklasan din ng mga tao sa paligid niya ang bisyo. Salaysay ni Loy, nakahanap ng pakete ng drugs sa kaniyang drawer ang kanyang nanay. "Tinawagan niya ang lolo't lola sa Filipinas at pinauwi ako," patuloy niya. "Pagdating ko sa Filipinas, pinasok nila ako sa rehab." Matagal na pilitan ang nangyari, hanggang sa kusang loob na rin siyang pumasok sa rehab.

Nasa atin ang huling pasya sa kung anumang landas ang tatahakin natin, ang paniniwala naman ni Bert na hindi naisipang magpa-rehab. Aniya, "Lakas lang ng loob na magbago kahit mahirap sa simula." Hangga't hindi nakikita ng taong mali ang ginagawa niya ay gagawin at gagawin niya pa rin ito. Darating ang panahon na makikita niya ang masamang epekto nito sa sarili, at sa mga taong nagmamahal sa kaniya.

Ngunit hindi kaya ng taong lumaban nang mag-isa. Hindi madali ang pagtalikod sa pagkalulong sa bawal na gamot; nangangailangan ito ng patuloy na suporta at paggabay ng mga tao sa paligid natin, tulad na lamang ni Loy na siyang pagmamahal ng magulang ang nagdulot sa kanya upang pumasok sa isang rehabilitation center. Maraming tao ang nagbigay-daan para bumalik siya mula sa pagkakalihis – ang kaniyang lolo't lola, ang mga tao sa rehab center. Kinailangan niya ang inpirasyon upang magbago, dahil kung wala ito, maaaring hindi maisip ni Loy na magbago.

PAGTUTUWID

Isang paraan ang pagpasok sa isang rehabilitation center upang subuking lunasan ang pagkagumon sa droga. Lagi't lagi, nangangailangan ng taong tutulak at gagabay sa atin sa tamang direksyon. Bagama't may iilan tulad ni Bert na hindi lumapit sa isang institusyon ngunit nakapanumbalik pa rin mula sa pagkakalihis, may iilang gaya ni Loy na kailangan pa ng tulong mula sa labas.

Sa kanyang pagpapasya sa pagpasok sa rehab, nahirapan maging ang pamilya ni Loy dahil nagtatalaban ang pagnanais na makasama siya at pagnanais na mapagbuti ang kaniyang kalagayan. Hiya, takot, pagkadismaya, pagkalito, kalungkutan – lahat ito'y maaaring maramdaman ng mga taong apektado ngunit mas higit na mahirap ito para sa biktima, kapalit ng kanyang saglit na ligayang dulot ng droga. Ani Loy, "Malungkot sa rehab lalo pa't malayo sa mga magulang at ibang kakilala ko, sa mga kaibigan ko. Wala kang magawa, walang tv, phone o kahit ano." Maaaring sumagi sa isipan nila na inilalagay sila rito upang parusahan – hindi. Sa kabila ng kalungkutan maaari nilang maramdaman, binibigyan sila nito ng pag-asa.
Sinasabing ang mga tala'y makikita lamang sa kadiliman ng gabi. Para kay Loy, nagsilbing tala para sa kanya ang Salita ng Diyos sa kadiliman ng pagkalulong at pag-iisang nadarama ng isang nagri-rehab. Maraming napagtanto si Loy sa mga bible study na ito: napabayaan niya ang kaniyang pag-aaral, nabigo niya ang kanyang mga magulang, nalihis ang kanyang daan. "Na-realize ko ang halaga ng mga tao at 'yong bagay at buhay na mayroon ako dati."

Ang nahanap nina Bert at Loy ay isang karanasan at pagdanas – isang karanasang magmumulat sa kanilang mga mata, sa mga mata ng kanilang mga puso na tingnan ang kanilang sarili at damhin kung gaano sila nalayo sa kanilang mga sarili na sana'y ngayo'y masaya. Masasabing ang mga karanasang iyon ang gumising sa kanilang damdamin at napadama sa kanilang ang nahanap nila sa droga'y panandaliang kaligayahan lamang, na ang kapalit ay napakalaking kasiraan. Para kay Loy, nahanap niya ang karanasan na ito sa mga salita ng Diyos. Nahanap naman ni Bert ang kanya sa sarili niya. Siguradong marami rin ang nakahanap ng kanilang sariling paalala sa iba't ibang lugar, di lamang sa loob ng mga rehab.

Hindi agaran ang pagbibitiw sa mga bisyo gaya nito. Hindi ipinagkaila ni Loy na hinanap-hanap niya ulit ang droga nang makalabas ng rehab. Malaking bahagi sa pagbabagong naidulot ng rehab kay Loy ay kaniyang ipinapasalamat sa bible studies. Paliwanag niya, "Hindi naman ako sobrang naging relihiyoso dahil doon pero natuto akong magdasal at ipaubaya sa Panginoon lahat ng problema ko."

Dalawampung taong gulang si Loy nang matapos mag-rehab. Nagsimula muli siyang mag-aral at nakapagtapos sa kursong Business Administration sa isang unibersidad sa Maynila. Hindi na siya bumalik sa abroad, at ang kaniyang lolo't lola ang nagsilbing tagapangalaga niya rito sa bansa. Hinikayat din siya ng kanyang lolo na sumali sa pamamahala ng liga sa basketball. Sumasali na rin siya sa mga council meetings sa kanilang komunidad at nagsisilbing katuwang ng kanyang lolo rito, na may mataas na posisyon sa kanilang village sa Makati.

Sa kanyang sariling paraan ay naglilingkod na siyang muli sa bayang kanyang tinalikdan dahil sa bawal na gamot. Nakabalik na siya sa tamang daan - mula sa pagkadarapa ay siya'y nakatayo na muli, matapos magpagaling sa tulong ng rehab, bibliya at pamilya. At ngayo'y unti-unti nang nagpapatuloy sa kaniyang buhay nang may mas pagpapahalaga at pagpapasalamat sa kaniyang tinatamasang kapayapaan ng kalooban.

PAG-UNAWA

Ayon sa pananaliksik, pinipigilan ng droga ang ating pag-unlad mapa-akademiko, relasyon sa pamilya't kaibigan, at higit sa lahat sa sariling kapakanan. Kung titignan sa pangkalahatan, maaaring ikasama nito ang takbo ng ating ekonomiya at pamayanan. Maituturing na paralisado sa lipunang kanilang ginagalawan ang mga nalululong sa droga kaya naman umaasa sila sa kanilang pamilya na maaring magdulot ng pagkaubos ng kagamitan dahil sa patuloy na pag-aalaga sa kanila. Bukod pa rito, nagsisilbi rin umano silang banta hindi lamang sa kanilang sarili kundi pati na rin sa iba.

Ngunit hindi maitatangging maraming salik ang nararapat isaalang-alang at busisiin sa pagtaas ng bilang ng kabataang nalulong sa bawal na gamot. Ayon kay Liezl Rillera-Astudillo, isang propesor ng Sikolohiya sa Pamantasan ng De La Salle, isa sa mga kadalasang dahilan sa pagkalulong ng kabataan sa ipinagbabawal na gamot ang peer pressure. Bukod pa rito, kadalasan ring itinuturing na daan ng mga kabataan ang pagkalulong sa droga upang panandaliang matakbuhan ang realidad.

“Drug use can also be a form of escape or an altered state of awareness for the adolescent, as he or she attempts to blunt his or her sentience of a certain concern, issue or problem,” ani Astudillo. Isang patunay rito ang kaso ni Loy na kung saan aminado siya na hindi siya nakapili ng maaayos na kaibigan dahil na rin sa hirap siyang makisalamuha sapagkat banyaga siya sa lugar na kanilang nilipatan.

Isa ring salik na maituturing ang problema ng kanyang pamilya sa kanilang negosyo kaya naman tuluyan siyang nalulong sa ipinagbabawal na gamot upang panandaliang makatakas sa pait ng buhay. Nabanggit din ni Astudillo ang malaking parteng ginagampanan ng pamilya sa pagkalulong ng bata sa bisyong ito.


Tunay na malaki ang epekto ng pagkalulong sa bawal na gamot hindi lamang sa mga gumagamit nito bagkus pati na rin sa lipunang kanilang ginagalawan. Ani pa Astudillo, “Drug use will always have physical, psychological and social risks.”

Kanser mang maituturing ang pagkalulong sa droga, ang kanser na ito ay may kilalang gamot - tibay ng kalooban at, kaalaman at kagustuhang malunasan ang sakit na kumakain hindi lamang sa katawan ngunit maging sa pamilya at sa bayan. Hindi rin matatawaran ang tulong na maibibigay ng pamilya at ng mga institusyon tulad ng rehab centers. Ngunit, ang pasya ay hawak mo - kabataan, magpapakulong ka ba sa rehas ng droga?

Maaaring kumakalat na ang kanser na ito at unti-unti nang nakakain ang kabataang tulad mo. Ngunit nasa iyo ang lunas, at nasa iyo ang pagpapasiya. Balang-araw, ano nga ba ang makabubuti para sa iyo at sa kapuwa mo? Ano nga ba ang mga hakbang na kailangan mong kuhanin para unti-unting mapuksa ang sakit na umuubos sa lipunang ginagalawan mo? Magpapakain ka na lang din ba tulad ng iba? Pumiglas ka. Mamulat, at maglakad patungo sa nararapat.

** Hindi tunay na pangalan.*

GAYA NG ANUMANG BISYO NA SINASABING ÌLALONG TUMATAGAL, LALONG SUMASARAPÎ, NASASANAY ANG SISTEMA NG TAO SA MGA BAGAY GAYA NG ALAK, SIGARILYO, DROGA. KALAUNAN, NAGIGING MASAMANG BISYO NA ITO NA MAKASASAMA SA KALUSUGAN.





ni JC Peralta
may ulat nina RJ Santiago at Majella Delfin
sining ni Monica Esquivel

Paghahanap sa Pilipinong Einstein Kabataang Pilipinong Siyentipiko Tungo sa Globalisasyon

Lubhang napag-iiwanan na ang Pilipinas ng mga karatig-bansa sa Agham at Teknolohiya. Ano ang patutunguhan ng mga kabataang siyentipiko? May pag-asa pa ba tayong makasabay?

KAILANGAN PA RIN ANG PATULOY NA PAG-INVEST SA PAGPAPAUNLAD NG MGA PINAKAMATATAG NA INSTITUSYON SA BANSA HANGGANG SA MAGING KAPARES SILA NG ANTAS NG SA MGA RESPETADONG SENTRO NG PANANALIKSIK SA IBANG BANSA.

REINABELLE REYES

Matibay na indikasyon ng kaunlaran ng isang bansa ang antas na nakamit nito sa agham at teknolohiya. Taong 2010 nang inilunsad ng S&T Resource Assessment and Evaluation Division ng Department of Science and Technology (STRPAE-DOST) ang isang compendium ng estadistika ng kalagayan ng agham at teknolohiya sa Filipinas. Mula sa datos sa apat na taon (2002, 2003, 2005, 2007), nakapagtala sila ng ilang indise ng pambansang kalagayan ng larangan.

Nakababahala ang kanilang natuklasan. Nakapagtala ang Filipinas ng pinakamababang bilang ng siyentipikong mananaliksik kada milyong populasyon kung ihahambing sa mga karatig-bansa sa Timog-Silangang Asya. Kapansin-pansin din ang patuloy na pagbaba ng bahagdan ng Gross Domestic Product na ginugugol sa pananaliksik sa kabila ng paunti-unting pagdami ng mga mananaliksik sa bansa. Pinapatunayan lamang ng mga kakulangang ito na mayroong makapal na balakid na nakahambalang sa kakayahang makipagsabayan ng komunidad-siyentipiko sa Filipinas sa pandaigdigang nibel.

PANIBAGONG SIGLA

Hindi mapapantayan ang gampanin ng kabataan sa pagtibag ng mga balakid sa pagpapaunlad ng agham at teknolohiya sa bansa. Nakikita ni Reinabelle Reyes, doktor ng astropisika mula sa Princeton University at kasalukuyang postdoctoral fellow ng University of Chicago, ang namumuong sigla ng larangan.

“Dumarami na ang kumukuha ng karera sa agham sa kasalukuyang henerasyon,” aniya. “Isa sa mga dahilan ay ang mas madaling akses sa impormasyon at oportunidad na makakuha ng iskolarship sa graduate school at trabaho sa loob at labas ng bansa.”

Patunay sa pahayag na ito ang pagkakatatag ng iba’t ibang kompanyang gumagawa ng panibagong teknolohiya, at isang halimbawa nito ang Itemhound, isang kompanyang gumagawa ng mga kagamitan sa pampalakasan, na itinaguyod ng ilang iskolar ng DOST.

MGA ISKOLARSHIP AT HANDOG-SALIKSIK

Upang mapukaw ang interes ng kabataan, nagbibigay ang DOST ng mga iskolarship at handog-saliksik sa mga natatanging mag-aaral sa bansa.

Upang makatulong sa pagtataguyod ng agham at teknolohiya sa bansa, noong 2012 nakatanggap ang DOST ng P2.7 billion halaga ng pondo upang makatulong sa S&T. Ito ay upang lalong makilala ang S&T at magkaroon ng karagdagang pondo para sa mga pagsasaliksik. Maliban dito, nakatanggap ng karagdagang pondo ang Science Education Institute at Philippine Science Highschool: 2.1 bilyong piso para sa PSHS at 1.3 bilyong piso naman para sa SEI upang matulungan ang mahigit kumulang 10,000 S&T na iskolar.

Noong Marso ng nakaraang taon, 3,597 na mag-aaral na nasa high school ang pumasa sa pagsusulit para sa iskolarship ng DOST. Mas mataas ito ng 7.1% kung ikukumpara sa mga pumasa noong nakaraang taon. Mabibigyan ng pagkakataong makapag-aral sa kolehiyo ng apat o limang taong kursong pang-agham ang mga pumasa. Makatatanggap din sila ng tulong pansalapi mula sa pamahalaan, buwan-buwan na allowance, at pati na rin ng pambili ng kagamitan para sa eskwelahan.

Para naman sa mga nagnanais pumasok sa mga kursong masters at doctorate, mayroon silang programang tinaguriang Accelerated Science and Technology, Human Resource Development (ASTHRDP). Layon nito na paigtingin ang kakayahan ng mga siyentipiko upang mamulat sila at makapag-isip ng bagong ideya na maaaring makatulong sa pag-unlad ng bansa. DOST na rin ang sasagot ng kanilang matrikula, stipend na 23,000 piso kada buwan, allowance para sa mga libro na 7,500 piso bawat taon, panggastos para sa pamasahe na nagkakahalagang 10,000 piso sa isangtaon, at pati na rin ang kakailanganin para sa tesis (50,000 piso) at disertasyon (100,000 piso). Ang budget na inilaan ng pamahalaan para sa mga programang ito ay mahigit kumulang sa 2 bilyon piso.

Ayon kay Julie Mae Dado, kasalukuyang kumukuha ng masteral sa Atmospheric Science at iskolar ng DOST sa ilalim ng ASTHRDP, kompetitib naman ang kanyang natatanggap na benepisyo mula sa pamahalaan. Ngunit nagkakaroon din ng problema sa pagkakaloob ng mga benepisyong ito, dahil hindi lagi itong nasa oras. “Dapat ay regular na maibigay ang stipend kada buwan, lalo na’t hindi kami pinapayagang magkaroon ng trabaho habang nasa ilalim ng iskolarship,” aniya

LOKALISASYON AT BRAIN DRAIN

Ayon sa Compedium, kapansin-pansin ding naiipon sa mga pamantasan at pribadong sektor ang mga mananaliksik. Lubhang kakaunti ang mga mananaliksik, lalo pa ang mga oportunidad (kurso at trabaho) sa labas ng kalunsuran. Isa sa mga naging isyu sa pangkalahatang pag-unlad ng larangan ay ang lokalisasyon ng pagsigla, kung saan sentralisado sa piling institusyon ang pag-unlad ngunit naiiwan ang nakararaming siyentipiko sa mga periperal na institusyon.

“Sa ngayon, kailangan pa rin ang patuloy na pag-invest sa pagpapaunlad ng mga pinakamatatag na institusyon sa bansa hanggang sa maging kapares sila ng antas ng sa mga respetadong sentro ng pananaliksik sa ibang bansa,” ayon kay Reyes.

Dahil sa mas mainam na kalagayan ng mga institusyon doon, pangarap ng karamihan sa kabataang siyentipiko ang makapagtuloy ng pag-aaral sa ibang bansa. Ayon kay Dado na nais ding makapag-aral sa ibang bansa, “Pangunahing kalamangan nila [mga umuunlad na bansa] ay ang pagpopondo sa mga pananaliksik. Nasa kanila ang mga paraan at pinansya.”

Dagdag pa ni Lyndon Olaguera, kasalukuyan ding kumukuha ng masteral sa Atmospheric Science at full-time faculty sa Kagawaran ng Pisika ng Pamantasang Ateneo, “Mas

maganda ang teknolohiya doon..[at] 'di hamak na mas malaki ang kita doon at mas madaling mamuhay."

Gayunpaman, marami sa mga siyentipikong nangingibang-bansa, matapos makapag-aral, ay hindi na muling bumabalik pa sa Pilipinas. Nagpahayag ng pagkadismaya si Olaguera sa mga naturang siyentipiko. "Dapat ay ibahagi nila ang kanilang nalaman sa bansa, [upang tayo ay] umunlad kasama nila."

Ayon naman kay Secretary Mario Montejo ng DOST, walang dapat ikabahala ang mga tao dahil patuloy na pinapabuti ang ahensya at gumagawa na rin sila ng paraan upang mapalitan ang mga taong nawala mula sa sinasabing brain drain. Isa sa kanilang tinitingnan bilang solusyon ay ang mga iskolar ng DOST-SEI na makakatulong daw para makamtan ang "Smarter Philippines".

Globalisado na ang larangan ngayon; hindi na kailangan pang pabalikin ang mga siyentipiko sa ngayon, bagkus, lalo pang suportahan. Isinusulong ni Reyes ang pagpapalakas at pagpapalawak ng network ng mga Filipinong siyentipiko sa loob at labas ng bansa. "Mahalangang malaman na para sa marami[ng Filipinong siyentipiko], hindi praktikal na bumalik ng bansa. Ang pinakamagandang gawin ng gobyerno at lipunan ay paunlarin ang infrastructure para maging praktikal para sa mga siyentipiko na nangibang-bansa na umuwi at magpatuloy ng research sa bansa."

"Malaki ang magagawa ng kahit iilang internationally-recognized na institusyon sa atin dahil ito ay mag-attract ng pondo, magpopokus ng resources, at magtataas ng antas ng siyensya sa buong bansa," dagdag pa ni Reyes.

TUNGO SA HINAHARAP

Sa ngayon, pinag-aaralan ng mabuti kung ano ang mainam na gawin tungkol sa lumalaking problema ng "brain drain". Nakapaglimbag na ang DOST ng pag-aaral ukol sa problemang ito noon 2011, na pinamagatang "International Migration of Science and Technology Manpower OFW's". Upang matugunan ang suliraning ito, naglaan ng 10% na dagdag sa alokasyon ang pamahalaang Aquino para sa mga State Colleges And Universities (SUC) upang mabigyan ng pansin ang mga sektor na may maiaambag sa DOST.

Nilagdaan na rin nina Sec. Florencio Abad at Sec. Mario Montejo ang RA 8439, na magbibigay ng dagdag-benepisyo sa mga nagtatrabaho sa nasabing ahensya. Ayon sa magna carta benefits ng batas na ito, makatatanggap ang mga tauhan ng 15% hazard pay at 10% longevity pay na depende naman sa tagal ng serbisyo.

Dumarami na rin ang mga institusyong naglalayong palawigin ang kaalaman sa agham at teknolohiya, lalong-lalo na sa probinsiya. Nito lamang Mayo, tuluyan nang nagbukas ang Soccksargen campus ng Philippine Science High School sa Koronadal. Mahigit 200 milyong piso ang magagastos kapag tuluyan nang natapos ang mga gusali at mga makabagong kagamitan ng naturang kampus. Nakaplano na rin ang pagpapatayo ng PSHS-CARAGA matapos ibigay ng dating bise-presidente Teofisto Guingona ang mahigit 5 ektaryang lupa na pagtatayuan ng nasabing kampus.
Ayon kay Montejo, hindi lamang dito magtatapos ang pagpapatayo ng iba pang PSHS sa mga rehiyon. Mayroon na ring nakaplano para sa CALABARZON, MIMAROPA at sa Zamboanga Peninsula na maaaring magbukas kasabay ng pagtatapos ng termino ni Pangulong Aquino.

Inaasahan din ni Montejo na magmumula sa scholarship programs ng DOST ang mga taong makakaisip ng solusyon para sa mga kinakaharap na suliranin ng bansa gamit ang S&T, at makakapagpalaya sa Filipinas mula sa matinding impluwensya at pag-depende sa mga dayuhan.

Masisimulang mapaunlad ang kultura ng agham at teknolohiya sa bansa kung haharapin ng pamahalaan ang mga suliranin nito bilang mga pangunahing adyenda na humihingi ng agarang pagtugon.
Masugid na ipinahahayag ni Reyes ang kanyang pangarap sa pangkalahatang estado ng agham at teknolohiya sa Filipinas, lalo na sa tungkulin ng network ng mga Filipinong siyentipiko.

"Nais kong maging respetadong kalahok ang Filipinas sa global enterprise ng siyensya. Higit na makakatulong ang network sa patuloy na pagpapaunlad ng imprastaktura sa bansa - ang paglaan ng pondo sa mga karapat-dapat na proyekto, maayos na transportasyon, seguridad, paghanda sa mga sakuna, at mas mabilis na Internet. Ang nais ko ay magkaroon ng isang virtuous cycle, kung saan ang pag-unlad ng ekonomiya ay magpapaunlad sa infrastructure, na magpapasigla sa syensya, na siya namang mas magpapabilis sa takbo ng pag-unlad."

DUMARAMI NA ANG KUMUKUHA NG KARERA SA AGHAM SA KASALUKUYANG HENERASYON... MAS MADALING AKSES SA IMPORMASYON AT OPORTUNIDAD NA MAKAKUHA NG ISKOLARSHIP SA GRADUATE SCHOOL AT TRABAHO SA LOOB AT LABAS NG BANSA

REINABELLE REYES

SI MANIX na nagkokomiks

SULYAP SA BUHAY NG TAONG BUMUO NG KIKOMACHINE KOMIX

nina Aby Esteban at Donald Jay Bertulfo
kuha ni Gett Baladad
lapat ni Melvin Macapinlac



Hindi maikakailang bahagi na ng kulturang Filipino ang pagbabasa ng komiks. Bagaman tila lumamlam na ang panahon ng komiks dahil sa pag-usbong ng mga bagong moda ng komunikasyon at mass media, hindi pa rin mapapalitan ang kinang ng komiks bilang isang instrumento ng aliw.

MAHALIN MO 'YONG KULTURA NATIN KASI ANG GANDA-GANDA. NAPAKA-RICH, NAPAKA-WEIRD, NAPAKALAKI, NAPAKADAMI. ANG DAMI-DAMI. ANG SARAP ALAMIN.

Ngunit hindi lamang aliw ang dulot ng komiks. Maaari rin itong maging salamin ng pang-araw-araw na buhay ng mga Filipino at maging daan upang mapagkatuwaan ng pangkaraniwang mamamayan ang mga sensitibong isyu ng lipunan.

Kaiba sa iilan na ang layunin lamang ay magpatawa, may isang uri ng babasahing komiks na namumukod-tangi dahil sa "makabuluhang pagpapatawa" na inihahain sa mga mambabasa nito. Bukod sa aliw na idinudulot nito sa mga mambabasa, nakapagbubukas din ito ng mata tungkol sa sari-saring realidad ng buhay – ito ang KikoMachine Komix.

Tanyag ang KikoMachine Komix sa mga tauhan nitong bagaman walang pangala'y damang-dama pa rin ng kabataang mambabasa dahil sa paglalahad nila ng iba't ibang karanasan sa kolehiyo. Bukod sa buhay-kolehiyo, may halo ring isyung panlipunan ang nasabing komiks na siyang pumapatok din dahil naipakikita rito ang katotohanan sa hindi pangkaraniwang mga paraan.

Kilala bilang Manix, isa lamang si Manuel Luis Abrera sa nagbibigay-kulay sa mundo ng komiks para sa kasalukuyang henerasyon, bilang tagalikha ng sikat na babasahing ito. Sa pamamagitan ng kanyang husay sa pagguhit at talas ng isipan sa kanyang panulat, nabuo ang komiks na sinusubaybayan ngayon ng kabataan at maging ng matatanda.

IMPLUWENSIYA NG AMA

Kuwento ni Abrera, bata pa lamang siya'y hilig na niyang gumuhit dala ng impluwensiya ng amang dibuhista ng editorial cartoons sa diyaryo.Noong simula, palagi umano niyang ginagaya ang iginuguhit na mga karakter ng ama niya ngunit siya'y napapagalitan at sinabihang gumawa ng sarili niyang mga tauhan. Mabisa ang payo ng kanyang ama; natuto ang batang Manix na gumawa ng orihinal na mga guhit.

Mula sa pagguhit sa tabi ng kanyang ama, nagtuloy-tuloy si Manix hanggang sa makapasok siya sa Unibersidad ng Pilipinas bilang mag-aaral ng kursong Fine Arts at bilang miyembro rin ng Philippine Collegian, ang opisyal na lingguhang pahayagan ng mga mag-aaral ng UP-D, kung saan siya nakaguhit ng komiks na nailathala sa dyaryo. Aminado si Manix na hirap na hirap siya noong simula dahil bukod sa hindi madaling magpatawa, iniisip niya rin ang kanyang pag-aaral.

PAGBUO SA KIKOMACHINE

Tila suwerteng dumating kay Manix at sa kanyang mga kaibigan ang suhestiyong magpasa ng kanilang gawang komiks sa Philippine Daily Inquirer, na yaong mga panahong iyo'y naghahanap ng tagalikha ng komiks. "Garapata Blood" ang ipinagalan ng magkakaibigan sa komiks nila sa Inquirer, na siya ring pamagat ng unang single ng kanilang bandang Kikomachine; Kikomachine bilang isang wordplay mula sa palabas na Batibot.

Nagsalit-salitan ang magkakaibigan sa paggawa hanggang sa may magbukas na isa pang puwesto para sa seksyon ng komiks. Humiwalay si Manix at sinimulan niya ang KikoMachine habang kaunting mga buwan lamang ang itinagal ng Garapata Blood. Aminado naman si Manix na dahil sa nagsisimula pa lamang siya nang mga panahong iyon, hindi pa ganoon kaganda ang kanyang mga likha. Subalit matapos ang kolehiyo, napagdesisyunan niyang ituloy-tuloy ang karera sa pagkokomiks dahil isa itong bagay na nais niya nang gawin sa habambuhay, may mambabasa at kita man daw o wala.

Ipinagpapasalamat ni Manix ang desisyong ito dahil wala raw makapapantay sa sayang dulot ng unang pagkalimbag sa dyaryo ng kanyang komiks. Walang kahit anong parangal ang makapapalit sa saya na dulot ng pagkabuo ng KikoMachine para sa kanya. Aniya, "'Yong nasimulan siya, iyon 'yong pinakamalaking achievement para sakin na hanggang ngayon parang naiiyak pa [rin] ako 'pag naaalala ko."

LAMAN NG KOMIX NI MANIX

Sa loob ng 11 taon ng pagiging propesyonal sa pagkokomiks, lumago na ang KikoMachine Komix. Mayroon na itong koleksyon ng komiks na siyang binubuo ng walong libro, kung saan kabilang ang mga nailathala na sa diyaryo.

Tulad ng sa Pugad Baboy komiks ni Pol Medina Jr. na siyang nagsisilbing inspirasyon ni Manix, marami ring pangyayari ang makikita sa KikoMachine Komix. Ang kaibahan lamang, karamihan sa mga ito ay may kaugnayan sa buhay ng mga karakter sa unibersidad. May iba sa mga tauhan niyang propesor na; may ilang naghahanap-buhay na, may iba namang estudyante pa rin, ngunit madalas ay nagsasama-sama pa rin ang mga ito sa unibersidad upang magkwentuhan, kadalasan habang kumakain ng isaw.

Laman ng komiks ang mga temang tumatalakay sa mga isyung panlipunan gaya ng politika at ekonomiya, iyong mga tipong bukod sa natatawa ang mambabasa, napapaisip din sila. Subalit anumang mangyari, lahat ng komiks niya ay nakaugat nang malalim sa kulturang Pinoy.

KARANASAN SA PAGKOKOMIKS

Sa buhay, hindi naman kaya ng isang tao na mapasaya ang lahat. Minsan, kung hindi madalas, ay magkakaroon talaga ng mga dagok na susubok sa tatag ng isang nagkokomiks na gaya ni Abrera. Hindi palaging positibo ang pagtanggap ng mambabasa sa komiks. May mga oras na ipinapaulit kay Manix ang ibang komik istrip dahil sa sensitibong nilalaman ng mga ito. Kung minsan pa nga, ipinagbibigay-alam sa kanya ng ilang mga magulang na hindi pambata ang nilalaman ng mga komiks niya. Gayunpaman, sa halip na magalit, humihingi na lamang daw siya ng paumanhin sa kanyang mga pagkukulang at sinasabing pag-iingatan na lamang niya ang paggawa.

Mayroon ding nagtatanong sa kanya kung puwede niyang ipaliwanag ang mga iginuhit

niya sapagkat hindi makasakay ang mga ito sa kanyang mga biro. Tanggap niya na ganoon talaga kung kaya ipinapaliwanag niya ang mga iginuhit. Ngunit para sa kanya, mas maganda kung hindi niya ipinapaliwanag ang mga ito upang mapanatili ang magic umano ng kanyang gawa.

BUMEBENTA!

"Rakenrol!", "asteeg" – ilan ito sa mga salitang kalye ng mga kabataan na siyang madalas mabanggit sa KikoMachine Komix. Para kay Manix, may bahagi ng komiks niyang nasasalamin ang kabataan dahil siya mismo, ang mga karanasan niya sa sariling kabataan ang madalas na pinagkukuhanan niya ng mga ideya. Kundi naman sa kanya, karanasan ng mga taong nakakasalamuha niya ang pinagkukunan ng ideya. Sa palagay niya, mas nakauugnay ang mga mambabasa dahil maaaring nangyari na rin sa kanila ang ilan sa mga inilalagay niya sa komiks.

Ngunit hindi alam ni Manix kung bakit patok ang komiks niya. Ibinubuhos niya ang puso niya sa ginagawa kaya hindi mahalaga sa kanya kung pumapatok o hindi ang komiks niya. Ang mahalaga sa kanya'y maramdaman ng tao na totoo ang paraan niya ng paggawa dahil gusto niya talaga ito.

Nang ipinalarawan sa kanya ang kanyang sarili sa isang pangungusap, ito ang naging sagot ni Manix: "Observant na makulit na weird," sabay tawa. Nakadaragdag nga marahil sa pagiging katangi-tangi ng komiks niya ang abilidad niyang tignan sa iba't ibang anggulo ang mga bagay na naoobserbahan niya sa paligid. Nakatutuwa para sa mga mambabasa na makakita ng mga bago at wirdong pananaw ukol sa pang-araw-araw na sitwasyon sa buhay.

LAGAY NG KOMIKS SA KASALUKUYAN

Hindi pa patay ang komiks para kay Manix. Naaaninag niya ang isang mas matingkad na bukas para sa nasabing industriya. Patunay rito ang pagdagsa ng mga tao sa mga Comic Con kung saan hindi na lamang sa Maynila ito pinagdaraos, kundi pati na rin sa mga lugar tulad ng Iloilo, Cebu, at Bicol. Lumalakas din ang pagtangkilik sa komiks dahil mayroon na rin itong presensya sa Internet, na siyang naging malaking tulong kung bakit patuloy na nabubuhay ang komiks.

Bagaman may mga bagong pamamaraan na ng pagguhit na kapareha ng sa komiks tulad ng web comics at manga, hindi niya nais makipagtunggalian sa mga ito. "Personal [na opinyon] ko 'to ah, hindi ako nakikipagkompitensya kahit kanino kasi kanya-kanyang trip 'yan eh. Hindi mo namang pwedeng pilitin ang isang tao na 'oh wag ka magbasa ng manga, eto basahin mo'. May mga tao din namang open talaga o mahilig sa iba't bang klase talaga."

Para sa mga gustong pasukin ang mundo ng pagkokomiks, nag-iwan ng ilang payo si Manix, kabilang na ang pagiging mapagmasid sapagkat doon magmumula ang mga tauhang magbibigay-buhay sa sariling komiks. Dagdag pa niya, dapat rin silang maging bukas sa bagong mga ideya at maging totoo sa nararamdaman.

Napakahalaga rin ang pagmamahal sa sariling kultura na siyang nararapat gawin ng mga nais magkomiks o kahit pa sa iba pang larangan, para kay Manix. Aniya, "Mahalin mo 'yong kultura natin kasi ang ganda-ganda. Napaka-rich, napaka-weird, napakalaki, napakadami. Ang dami-dami. Ang sarap alamin..." Dagdag pa niya, "Okay lang na mainspire ka sa labas pero mas maganda na rin na inaalam mo 'yong atin kasi kung marami kang alam sa atin mismo ta's nakakuha ka pa sa labas, 'pag pinagsama-sama mo yan, BOOM. Ang ganda ng magagawa mo."

Dahil sa mga taong kaparis ni Manix na nagtataguyod ng komiks sa Filipinas, patuloy na magkakaroon ang komiks ng puwang sa puso ng mga Filipino. Nakikita ang komiks bilang isang paglalakbay, isang pagsisid sa karilagan ng buhay at isang pagtalos sa mga pighati. Ngunit sa paglalakbay na ito may mapupulot na aral – aral na harapin ang bukas nang may ngiti, gaano man kapait ang hagupit ng buhay; aral na makita ang sarili sa iba, na makisimpatya sa mga kababayan, at hagkan nang buong higpit ang kulturang nagbubuklod sa ating bayan.

OKAY LANG NA MA-INSPIRE KA SA LABAS, PERO MAS MAGANDA NA RIN NA INAALAM MO 'YONG ATIN KASI KUNG MARAMI KANG ALAM SA ATIN MISMO TAPOS NAKAKUHA KA PA SA LABAS, 'PAG PINAGSAMA-SAMA MO YAN, BOOM. ANG GANDA NG MAGAGAWA MO.



SIPA NG TONDO

Ang tinaguriang lugar ng mga basag-ulo, tahanan din ng mga sumisipa para sa pagbabago ng mukha ng Tondo

ni Alex Dungca
sining ni Dyan Francisco



[WE WANTED] TO USE FOOTBALL AS A TOOL FOR SOCIAL CHANGE.

PETER AMORES, FUTBOL SA KALYE

TONDO—isa sa mga lugar kung saan kahirapan ang larawang ipinipinta sa ating mga isipan. Imahen ng isang kutang tinatahanan ng mga basagulero ang lugar na ito. Bayolente. Maingay. Magulo. 'Yan ang Tondo sa isipan ng mga Filipino, kaya naman hindi nakapagtatakang nangingibabaw ang takot o pangamba sa mga taong nais bumisita rito. Bagama't pangit ang nakasanayang mukha ng Tondo sa ating kamalayan, hindi dapat sana ito ang buong mukha ng naturang lugar.

FUTBOL- isang larong bumibida ngayon sa bansa kasabay ng pag-usbong ng Team Azkals at iba pang mauugong na pangalang sumusuporta rito. Sa halip na magpalaboy-laboy habang 'di nag-aaral, bakit hindi na lang malibang sa pagsipa at pagpuntos, at mahubog ang kakayahan sa paglalaro ng futbol? Sa ngayon, hindi na bago ang paghihikayat sa mga batang maglaro nito. Dala na rin ng tinatamasa nitong kasikatan, madali na ring hikayatin ang mga batang makilahok sa mga palaro ng futbol sa iba't-ibang barangay sa sari-saring lugar dito sa bansa. Isa sa mga lugar na naglalayong maging kandungan ng magagaling na manlalaro ng nasabing isport ang Tondo. Futbol sa Tondo. Ano kayang kalalabasan nito?

PUSO AT PUNDASYON

Kung handang ibuhos ang oras at dedikasyon sa mga bagay na gustong makamtan, kayang-kayang maabot anuman ang balakid.Ito ang pinanghahawakan ng mga itinuturing na haligi ng "Futbol sa Kalye"na sina Peter Amores at Coach Boy Balbin.

"To use football as a tool for social change", ito ang naging sagot ni Peter Amores, nagtatag ng 'Futbol sa Kalye' na pinagmulan ng Futkaleros, nang tanungin kung ano ang nagsilbing pangunahing adhikain ng itinatag nilang organisasyon.

Para sa kanila, mahalagang mabago ang imahen ng Tondo at ng mga taga-rito. Sa pamamagitan ng pagtatatag ng grupong Tondo Futkaleros, nakapagpapabago sila ng buhay at nakapagbibigay kahulugan sa mga inaakalang 'di maaabot na pangarap.

Hindi biro ang magsimula ng isang grupo ng manlalaro dahil walang kasiguraduhang magtatagal ito lalo na't hindi pa masyadong tanyag noon ang isport na ito sa bansa. Tila sugal ang pagbubuhos ng pagod at oras para turuan, pag-ensayuhin, at bantayan ang mga manlalaro ngunit nakaya niya ang lahat ng ito. Bilang dating manlalaro ng La Salle Football Team na nakapaglaro na rin sa iba't ibang mga bansa, batid ni Amores kung gaano kalaki ang maaaring maitulong ng futbol maging sa murang edad kaya nais niyang ibahagi ang kaalaman sa mga susunod pang henerasyon. Maliban dito, patuloy ding nagsisilbing inspirasyon kay Amores, hindi lamang ang pagtulong sa kaniya ng gawain na manatiling akma ang pangangatawan kundi, lalo na rin ang oportunidad na makita ang sarili niyang nakatutulong sa kapwa.

Naging popular ang organisasyon ng FutKal dahil sa pagturo nito sa mga batang kalye maging bihasa sa Football, partikular na sa kabataan ng Tondo. Kasama sa layunin ng grupo ang maabot ang bawat komunidad, mahirap man,o mayaman, upang ikalat ang kanilang kaalaman sa futbol. "Yong football pang-masa eh. Although dito sa Philippines, parang 'di siya natututukan na pumunta sa masa 'yong football,"ani Amores.

Bakit isa sa mga pangunahing prayoridad ang mga batang nasanay sa hirap? Inamin ni Amores na masarap silang turuan dahil anumang pinagdaanan nilang hirap,maaari nilang ibuhos sa pagsipa at pagtama sa bola. "It gives them an avenue. May outlet sila. 'Yong football, ang investment niyan kahirapan eh. Kung sanay ka sa hirap, 'di ka mahihirapan sa laro." Dagdag pa ni Amores, gusto nilang gamitin ang football, pati na rin ang ibang mga gawain tulad ng pagsayaw, upang ibaling ang enerhiya ng mga bata mula sa negatibo papunta sa positibo na aktibidad na makatutulong sa kanila.

Sa likod ng mga stratehiya at disiplinang ipinapamahagi sa mga tinuturuan, may tiyak na kaalaman na nais itanim si Amores sa mga manlalaro. Para kay Amores, "Hopefully later on, they can do the same thing that I'm doing for the younger generation, or in their community." Nais niya na ang kanyang nasimulan ay maipasa sa mga susunod pang henerasyon upang mas marami ang makinabang sa paglinang ng kakayahan sa paglalaro ng futbol. Ipinahayag rin niya na malaki ang potensyal ng Tondo na matawag bilang "football city" o makilala sa football tulad ng dati, kaya nais ni Amores na ipagpatuloy sa paglinang ng mga Tondo Futkaleros.

Hindi rin magtatagal hanggang sa kasalukuyan ang grupo kung wala ang tulong at gabay ni Coach Boy Balbin. Bilang isang batang Tondo, kinamulatan niya ang larong ito nang dumating ang mga banyagang pari sa simbahan ng Don Bosco. Doon niya unang minahal ang futbol at nangakong paghuhusayan upang maging bihasa sa isport at makapagturo sa mga kapwa Pilipino. Malaki ang utang ni Balbin sa futbol sa kung ano ang mayroon siya ngayon. Maraming magagandang karanasan ang naihahatid sa kanya nito tulad na lamang ng guesting niya kasama ang ibang miyembro ng Junior Futkaleros sa "I Dare You" , programang ipinalabas sa ABS-CBN channel 2. Ipinamalas nila ang kanilang galing at dahil dito'y nakatanggap ng ilang donasyon mula sa nasabing palabas.

Bukod sa mga ganitong uri ng benepisyo, malaki rin ang nagagawa ng pagtuturo upang mas "bumata." Ani Balbin, "Nakakabata ang pagtuturo. Ang mga bata kasi nakakausap mo yan, nakakarelax. Minsan may mga problema sa pamilya o pinansyal na pangangailangan pero nawawala kapag kaharap mo na ang 'smiling faces' ng mga batang Tondo.

Oo, magagalit ka paminsan-minsan pero kapag tumalikod ka na, mapapangiti ka pa rin." Pero wala pa ring mas hihigit sa pansariling tagumpay na naibabahagi sa kabataan. Patuloy pa niya, "Kasalukuyan kong hinahawakan ang Futkalero Junior 5th Batch, 'yong pinakauna, marami na sa kanila ang nakapag-aral sa mga unibersidad at nakapagtapos nang walang binabayaran. Sa katunayan nga, sila pa ang binibigyang ng allowance ng mga unibersidad. Yong naituro ko, nakatulong sa kanila." Hindi naging hadlang ang katayuan sa buhay, lalo na kung nanaising tumulong sa iba at bigyang pag-asa ang mahihirap na kabataan.

FUTBOL SA BUHAY NG ISANG FUTKALERO

"Follow your passion" 'yan ang payo ni Dennis Balbin, isang laking Tondo na ngayo'y masigasig na manlalaro ng futbol bilang kasapi ng Futkalero Team. "Kung gusto mong maging futbol player, siyempre kailangan mong magpraktis. 'Di mo naman makukuha yung dream mo in just a snap di ba, so kailangan mo magwork. Work it out."

Malaki na ang naging epekto ng futbol sa buhay ng mga futkalero. Maliban sa dalang mga kasanayan nito sa larangan ng isports, tinuran din sila ng futbol ng mga aral sa buhay. Para kay Dennis ang futbol ay parang buhay: "Kapag masyado kang ma-verbal or masisi, nasisira 'yong play. Kapag nirelate mo siya sa buhay, for example sa community or [kahit sa] family mo, kapag hindi ka nag-aayos, nasisira 'yong chemistry niyo. Hindi kayo nakakapag-work nang maayos – mahalaga ang teamwork.

Hindi lamang binigyan ng futbol ang mga kabataang ito ng isang pagkakalibangan. Nagbukas rin ito ng maraming oportunidad para sa kanila. Sa katunayan, varsity player si Dennissa Philippine Women's University. Nabigyan siya ng scholarship sa pamantasan katulad ng iba pa niyang kasama sa FutKal. Isa lamang si Dennis sa maraming Futkalero na nangangarap; ngunit isa lamang ang adhikain nila ang maging mahusay sa futbol at kilalanin ang kanilang koponan balang araw.

BALAKID SA HINAHARAP

Unti-unting gumagawa ng pangalan at tumatatak sa mga Filipino ang futbol. Habang namamayagpag ang isport na ito dala na rin ng kasikatan ng Azkals at madalas na pag-ere sa mga patimpalak ng futbol sa telebisyon, lalong dumarami ang mga kabataang nagnanais matuto at maglaro nito. Higit ang pokus na ibinibigay sa mga kabataang kapos sa pinansyal na pangangailangan. Bagaman mayroong angking kakayahan sa paglalaro ng futbol, hindi sila mabibigyan ng ganap na suporta at pansin dahil hindi sapat ang perang pambayad para sa pag-eensayo Kaya naman, malaki ang dapat ipagpasalamat sa mga programa o adbokasiya na tulad ng Tondo Futkaleros na patuloy na tumutulong sa mga kabataang salat sa yaman, ngunit nagnanais ng pansarili't pangkalahatang kaunlaran tungo sa futbol.

Bagaman sumisibol na ang pinaghirapang grupo ni Amores at Balbin, kapansin-pansin pa rin ang kakulangan ng suporta, hindi lamang mula sa pamilya ng mga manlalaro, lalo't higit pa mula sa pamahalaan.

Ani Balbin, materyales at equipment ang una nilang pangangailangan,tulad ng mga spike at bola. Masyadong mahal kaya minsan naghahanap din kami ng sponsors na puwedeng tumulong." Nararapat na mabigyan ng angkop na kagamitan ang mga manlalaro upang mas mahasa sila sa. Hindi nila ito makakamtan kung wala silang pinansyal na kakayahan.

Hindi lang pinansyal na suliranin ang nagbabadya para sa kinabukasan ng Futkaleros. Isyu rin ang sikolohikal na paggabay sa mga manlalaro. Kuwento ni Balbin, mayroong mga pagkakataong napapasama sa *gangs* o napapagamit ng ipinagbabawal na gamot ang ibang Futkalero. "Binibigyan namin ng warning tapos penalty kapag hindi nadala. 'Pag walang improvement, pinapaalis ko na kasi baka mahawa yung iba. Ang mga batang Tondo, futbol ang gusto, hindi away."Isa pang balakid ang bihirang suportang natatanggap mula sa kani-kanilang pamilya. Madalas walang magulang na kasama ang mga manlalaro sa ensayo kaya hanggang sa laban, wala pa rin. Hindi nararamdaman ng mga bata ang tiwala't suportang kinakailangan nila upang lumakas ang loob at pagbutihin ang isport. Sa kabila ng lahat ng balakid na maaaring humarang sa naghihintay na kinabukasan para sa Futkaleros, nananatiling matatag si Coach Boy, Peter Amores, at ang lahat ng miyembro ng kanilang koponan na malalampasan nila ang mga ito.

"Ang kabataan ang inspirasyon ko para ituloy ko ang aking pagtuturo," ani Balbin, "Kaya ako nagpaptuloy ng pagtuturo ng youth dito sa Tondo dahil gusto ko mabago ang imahe ng Tondo. Ang madalas na tanong kasi kapag taga-Tondo ka, 'Hindi ba magulo 'ron?' Sinusubukan kong ibahin ang imahe namin sa pamamagitan ng futbol. Hindi kami magulo, sport kami."Kahit na anong mangyari, magpapatuloy pa rin ang kanilang grupo upang matupad ang adhikaing makatulong sa kabataan ng Tondo at pag-ibayuhin ang hilig nila sa futbol bilang larangan. Dagdag pa ni Amores, "The fact that you have the time, sharing your experience, interacting with them and giving them life lessons is a big help itself."

KAYA AKO NAGPAPTULOY NG PAGTUTURO NG YOUTH DITO SA TONDO DAHIL GUSTO KO MABAGO ANG IMAHE NG TONDO. ANG MADALAS NA TANONG KASI KAPAG TAGA-TONDO KA, "HINDI BA MAGULO 'RON?" SINUSUBUKAN KONG IBAHIN ANG IMAHE NAMIN SA PAMAMAGITAN NG FUTBOL.

DENNIS BALBINO, FUTKALERO

PAGBABAGO SA BAYAN, AKO?

SA KARANIWANG IMAHE NG PAMAHALAAN BILANG TIWALI AT WALANG DIREKSYON, MAYROON PA RING IILANG KABATAAN NA NAGNANAIS NA MAGLINGKOD SA PUBLIKO. ANO KAYA ANG INAASAHAN NILANG MAIBAHAGI SA GOBYERNO AT BAYAN, SA KABILA NG KANILANG PAGKABATA?



nina Shannon Azares at Eliza Sallao
may ulat ni Larisa Salaysay, Adrian Garcia, Alfie Pena
sining ni Iza Jonota
lapat ni Melvin Macapinlac

Noong 1996, pinag-aralan ng Social Weather Stations para sa Philippine National Youth Commission ang opinyon ng kabataang Filipino tungkol sa gobyerno at sa bansa. Namigay sila ng sarbey sa mga Filipinong may edad na 15 hanggang 30. Ayon sa resulta ng survey, labis na ipinagmamalaki ng kabataan ang kanilang pagiging Filipino. Walang alinlangan nilang ibibigay ang kahit anong maitutulong nila kung sakaling masangkot sa digmaan at kaguluhan ang bansa. Naipakita rin ng nasabing pagsisiyasat na itinuturing ng kabataan ang ekonomiya bilang pinakamalaking problema ng bansa. Sa kabila nito, naniniwala ang karamihan sa kanila na halos wala silang magagawa sa problemang ito.

Mula sa pag-aaral na isaginawa ng Social Weather Stations, maaaring masabi na nakita ng kabataan ang gobyerno bilang haligi na maaari nilang pagkatiwalaan sa larangan ng pagbibigay ng solusyon sa mga problemang pambansa. Dahil dito, may kaukulang paggalang ang kabataan sa kanilang gobyerno kaya naman hindi mahirap para sa kanila na maglingkod dito maging serbisyong militar man ito.

Sa isa pang pananaliksik ni Nimfa B. Ogena, nagkaroon ng pagtaas sa antas ng kaalaman ang kabataan sa mga isyung hinaharap ng gobyerno sa loob ng nakaraang dalawang dekada. Aniya, mukhang magpapatuloy ito hanggang sa susunod na mga taon. Ngunit sa nakalipas na limang taon, tila nagbago muli ang pagtingin ng kabataan sa kanilang gobyerno. Mula sa pagiging haligi at kakampi nito, nawalan diumano ang gobyerno ng karapatang tawagin ang sarili bilang "role model." Sa isang panawagan ng mga batang namumuno, bigo ang gobyerno sa tungkulin nito para sa bansa at sa kanyang mamamayan. Kurap at pahirap ang karaniwang paglalarawan na ginamit upang ilarawan ito. Nabigo rin ang mga kabataan sa layunin nitong makisali at magbigay ng pagbabago sa sistema ng gobyerno pagkat hindi na napakikinggan ang boses nila.

Labing-tatlong taon matapos isagawa ang pananaliksik na ito, may nagbago na ba sa pananaw ng kabataan sa gobyerno?

BAKIT SA PAMAHALAAN PA?

"Nakita ko 'yong iba-ibang kultura na sa tingin ko ay hindi maganda... Bakit ko naman isasali 'yong sarili ko? Baka maging kurap (corrupt) ako, ganiyan." Ikinagulat ng marami, pati ng kanyang mga magulang, ang desisyon ni Kenneth Abante maging bahagi ng Department of Finance bilang isang Executive Assistant isang taon na ang nakararaan. Kailanman hindi inasahan ng Atenistang nagtapos ng BS Management Engineering, Class 2012 valedictorian ng Pamantasang Ateneo de Manila, at dating pangulo ng Council of Organizations of the Ateneo na maging bahagi ng pamahalaan.

"Medyo mahabang proseso ng lobbying 'yong dinaanan ko," ani Abante matapos niyang tanggihan ang alok ng mga naglalakihang korporasyon na magtrabaho para sa kanila. Maraming masinsinang diskusyon ang kanyang pinagdaanan para lamang makumbinsi ang kanyang mga magulang na siya'y payagan sa naging pagpapasya, at kabilang na rito ang pagsusulat niya ng walong pahinang liham upang maipaliwanag ang sarili.

Hindi lamang si Abante ang tumahak ng landas na ito. Mula naman sa kabilang bahagi ng Kalakhang Maynila, sa Taft Avenue, isang pangarap na binuo ng mga karanasan at obserbasyon sa lipunan ang pagtatrabaho sa gobyerno para kay Elvin Ivan Uy, Electronics and Communications Engineering 2004 mula sa Pamantasang De La Salle, at kasalukuyang K+12 Coordinator ng Department of Education (DepEd).

Hindi laging ganito ang sitwasyon sa kaso ni Uy, ngunit naging resulta ito ng kanyang pagkamulat sa realidad sa labas ng pamantasan na siyang nakapukaw umano sa kanyang damdamin na pagsilbihan ang kanyang mga kapwa Filipino kahit sa maliit na paraan. Aniya, unang taon pa lamang niya sa Pamantasan (taong 2000) nang naisin niyang maging bahagi ng gobyerno. Bunsod ito ng iba't ibang pangyayaring pulitikal sa bansa sa ilalim ng administrasyon ni dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Sa kabila nito, hindi kaagad pinasok ni Uy ang pagiging kawani ng gobyerno dahil sa takot na malamon siya ng sistema nito.

CRACKED GLASS

Madumi, baluktot, kurap – ganito nakikita ng maraming Filipino ang gobyerno, maging sinoman ang nauupo sa kaitasaan. Pinupuna ang desisyon na maging bahagi ng sistemang ito, dahil hindi lamang iilan ang naniniwala na maaaring mabago nito ang isang indibidwal, kahit gaano pa man kalinis ang hangarin o katapat sa paglilingkod. Maituturing na hindi rin ito praktikal lalo na sa ekonomiya sa panahong ito kung ikukumpara ang trabaho bilang kawani ng gobyerno laban sa pribadong mga kumpanya.

"Halos buong buhay ko, sinasabi ko na hinding-hindi ako magtatrabaho sa gobyerno," ani Abante, bilang saksi sa hindi magagandang ehemplo sa lokal na pamahalaan ngunit isa sa mga nakaimpluwensya sa kanya ang kapwa mga Atenista na piniling magsilbi sa pamahalaan, na tulad niya, ay nakatanggap din ng maraming alok mula sa pribadong sektor.

Para kay Uy, bulok ang sistemang political sa ating bansa, kung saan walang kongkretong paniniwala o ideolohiya ang namamayagpag na partido politikal. "Ang impression ko sa government noon ay talagang corrupt, talagang walang direksyon at kung may direksyon man, hindi para sa mas nakakarami."

Naniniwala siyang naging malaki ang papel na ginampanan ng mga pangyayari sa kasaysayan sa negatibong pagtingin ng nakararami sa gobyerno, kung saan isang buong henerasyon ang tumanggi na maging bahagi ng pamahalaan: namundok o kaya'y pumasok sa pribadong sektor, kung saan hindi nakikita ang pamahalaan bilang bahagi

ng solusyon – ito ang henerasyon sa ilalim ng Batas Militar. "Nawawalan tayo ng middle na generation. At iyon 'yong mga generation na dapat nasa gobyerno. Magagaling, pero hindi nila pinili ang gobyerno dahil napakabulok ng gobyerno noon," aniya.

Para kay Prospero de Vera, propesor at political analyst mula University of the Philippines – National College of Public Administration and Governance, may mekanismo ang pamahalaan upang magkaroon ng representasyon ang bawat sektor ng lipunan dito at isa ang Filipinas sa pinakabukas sa partisipasyon ng kabataan. Ngunit malaking suliranin ang saloobin nila kung saan madaling ituro ang problema ng pamahalaan, madaling magreklamo ngunit walang solusyong iminumungkahi.

"Young people say politics is dirty, ang sagot ko diyan: politics is dirty because you only allow the dirty people to get involved. You allow the people with dirty intention to participate," pagsesermon ni de Vera.

"Napaka-demonized ng gobyerno e," paglalarawan ni Abante sa imahe ng pamahalaan.

ANG IMPRESSION KO SA GOVERNMENT NOON AY TALAGANG CORRUPT, TALAGANG WALANG DIREKSYON AT KUNG MAY DIREKSYON MAN, HINDI PARA SA MAS NAKAKARAMI.

ELVIN UY, DEPARTMENT OF EDUCATION

ANO ANG NAGBAGO?

Noong Agosto 2011, wala nang nakapigil sa kay Uy na pasukin ang nasabing mundo dahil sa hangaring makatulong sa pagbabago ng sistemang kanyang kinakatakutan. Pagkatuwa umano ang naramdaman niya sa kanyang mga unang buwan bilang kawani ng DepEd – tuwa na dulot ng realisasyon na hindi totoo ang lahat ng kanyang impresyon tungkol sa mga kawani ng gobyerno. Kanyang nalamang maraming magagaling na kawani sa pamahalaang ngunit nangangailangan lamang ng tamang liderato. "Kung bigyan mo lang sila ng pagkakataon, bigyan mo lang ng pansin, bigyan mo ng karagdagang training, sobrang gagaling talaga sila. Maraming masipag sa gobyerno kahit na hindi sapat 'yong binibigay sa 'yo," aniya.

Naniniwala si Abante na ito'y dulot ng bagong administrasyon. "Sa tingin namin na the best time to serve the government is now because you have a president who's all for transparency and accountability," ayon sa kanya.

Siya iyong sinasang-ayunan ni Uy: "Nanunumbalik 'yung pagtitiwala sa gobyerno. Nanunumbalik 'yung option lalo na ng mga fresh graduate na, 'Magaling ako sa iba't ibang larangan. Ibaling ko kaya 'yong atensyon ko doon sa mga problema na alam kong kailangan talaga ng solusyon? Beyond profits and losses from the corporate world, bakit hindi ko ibigay 'yung aking panahon sa pagtutulong at pagtataguyod ng isang bansa na talagang pwede nating ipagmalaki sa buong mundo at 'yon, makikita mo 'yon pagpumunta ka ng iba't ibang mga government offices.'"

Para rin kay Uy, sa dami ng talento na mayroon ang kabataan ngayon, wala umano silang karapatan na maging cynical, at responsibilidad nila na ialay ang mga talentong ito upang mabago ang kasalukuyang sistema. "This is best and worst time to be in the governement. Worst kasi maraming problema, best kasi maraming magagaling, kabataan pinili magtrabaho sa gobyerno at kung dadami pa sila in ten years time, kaya nating baguhin yung gobyerno," kanyang panghihimok.

TALAGA NGA BANG MAY MAGAGAWA?

Isang patunay ng maituturing na penomenon na ito ang pagpapahalaga ng kabataan sa panahon ngayon, na hindi na lamang kanilang sarili ang kanilang pinagsisilbihan.

Isang tawag ng Diyos ang pagiging public servant para kay Abante. Nakatulong din umano sa kanya ang bilang ng mga kapwa Atenistang nagsisilbi sa pamahalaan bagama't maraming trabaho mula sa pribadong sektor ang inalok sa kanila. "Karamihan ng mga nakasalamuha ko ay talagang gustong manilbihan saka gustong maglingkod talaga sa bayan kaya nandito sila sa gobyerno. Siguro kailangang mauna yong pagmamahal mo sa bayan mo bago ka talaga sumali dito," aniya. Nananalig siya sa potensiyal ng mga repormang isinusulong umano ng pamahalaan, kaya't sa ngayon, maaari pang manatili rito si Abante lalo pa't nabibigyan ang kabataan na makibahagi sa mga prosesong politikal at demokratiko sa loob ng pamahalaan.

Ayon kay Uy, hindi nararapat na karera ang pagiging lingkod-pampubliko kung ang isa'y nagnanais ng mas maayos na buhay. "May pera naman pero hindi ka giginhawa. Self-reflection doon mo malalaman kung ano ba talaga yung pinahahalagahan mo." Handa rin dapat ang isang indibidwal na magbigay ng higit sa kanyang matatanggap sa paglilingkod sa pamahalaan. Dahil dito, darating ang punto na maaari siyang umalis sa gobyerno. "Kailangan kong umalis ulit para matuto. Makita ko yung bagay best practices sa iba't ibang larangan, sektor, bansa, para kapag puno na ulit ako, pwede akong bumalik, ibigay ang mga bagay na alam ko," kanyang pagpapaliwanag.

Para kay de Vera, isang magandang senyales ang pakikilahok ng kabataan sa pamahalaan, isang pahiwatig sa kanilang paninindigan sa pagbabago. "Mahirap ang pagbabago. Change is difficult. Kung gusto mo talaga ng pagbabago, kailangang sumali ka dapat." Ang pakikilahok sa gobyerno ay isa umanong paraan upang maipakita ng kabataan ngayon sa mga henerasyong susunod sa kanila na may nagawa ang kanilang sariling henerasyon, na hindi sila naupo lamang habang binubuo ang bayan.

Naniniwala si de Vera na mas mahalaga ang kakayahan ng kabataan na magamit ang kapangyarihang mayroon ang mga ito upang maayos ang kasalukuyang sistema ng lipunan kumpara sa pagbago sa mga nakikitang mali ng mga ito.









BOSES NG PAGBABAGO

ni Bianca Monique S. Are
Montessori de Manila
sining ni Deo Macahig

Unang Gantimpala, Timpalak Bertigo - Tula

Kabataan, ano ba ang trending ngayon?
Mabubulaklak na salita
Ng mga politikong nagmamantika
Na sa TV kumikinang at bumibida

May boses ka ba? Bakit hindi magsalita?
May kamay ka ba? Bakit hindi mo ipakita?
Sa social networking sites, ikaw ang bida;
Ang pagbabago, sa iyo magsisimula

Sino ba ang makikinabang sa susunod na
pamamahala?
Ikaw, sila, at ako rin, hindi ba?
Sa isang pindot, maipagmamalaki sila
Sa isang pindot, kasiraan nila, kitang-kita

Tumingin ka lang sa monitor mo'y may magagawa
ka na
Sa Facebook nga'y may comment, like, naku, may
share pa nga.
Gamit ang cellphone at iba pang anyo ng teknolohiya
Gamitin ito nang matino at tama, ibandila ang
katotohanan sa madla

Gumawa ng mga organisasyon o kaya'y mga grupo
Upang maipagmalaki ang kasipagan ng mga
tumatakbo
Ngayon alam mo na, ang boses ng kabataan
May magagawa rin sa halalan

Kung ikaw ang mauuna sa paggalaw at pagsalita
Susunod na ang iba at tutulungan kang kusa
Sa halalang ito, tayo'y magtulungan
Dahil boses ng kabataan ay mahalaga
At may angking kapangyarihan

BIYAHE NG JEEPNEY

ni Marie Elisha Rodriguez
St. Paul College Pasig
sining ni Trisha Katipunan

Sa biyahe ng jeepney ikaw ba ay sasabay?
Patungo kung saan man, tayo ay lalakbay
Nais kong makarating sa lugar na masaya
Isang lugar na may kaayusan at nananatiling mapayapa

Tatlong jeepney ang tumigil sa aking harapan
Isang puno, isang katamtaman, isa'y walang laman
Ako'y nakatayo't sinusubok magpasya
Saan ba ako magkakasya?

Kung ako ba'y sasakay sa jeep na puno
Sasabit lang ba ako sa likod nito?
Kung pipiliin ko naman ang walang laman
Iniisip ko lang ba ang pansariling kapakanan?

Mahirap mag-abang ng jeep na katamtaman
Kaya 'wag nang palampasin kung ito ma'y dumaan
Ngunit hindi mo agad na masasabi kung ito na ang tama
Hindi basta-basya ang iyong pagpapasya

Tulad ng isang jeep ang darating na halalan
Libo-libong jeepney ang siyang dadaan
Pag-isipang mabuti bago ka sumakay
Sa jeepney na pang-matagalang paglalakbay

Sa panahong katulad nito
Ikaw ba'y sasabit lang sa takbo ng mundo?
O baka nama'y mananatiling nakaupo
Naghihintay na dumating ang inaasam na pagbabago

Kahit ako'y isang simpleng bata lamang
Alam kong dapat akong gumawa bg hakbang
Sapagkat sa desisyong ito, ako rin ang makikinabang
Dahil ako ang kinabukasan nitong ating bayan

Habang maaga pa, iyong pagmasdan
Ang bawat kaganapan ngayong halalan
Dahil ang bagong kinabukasan ay nakasalalay
Sa ating munting mga kamay

Sa biyahe ng jeepney ikaw ba'y sasabay?
Patungo sa tamang daan, tayo'y maglalakbay
Ngayon nag-aabang at sinusubok alamin
Alin nga ba ang dapat piliin?

Sinu-sino ang mga nanonood ng Basketball?

ATENISTA NGA

THE NORMAL ATENEANS

THE CHUA'S

THE WRONG SIDERS
WHO THINK THEY'RE COOL

NASAAN NA YUNG PHOTOGRAPHERS?
I AM SUPER CHEERING NA!

THE PHOTOGENIC ONE

THE ULTIMATE FAN

THE CIRCA 1890

THE AWESOME PROFESSOR

THE SUSPENDED

THE BINAYARAN'S



http://matanglawin-ateneo.org
http://facebook.com/MatanglawinAteneo
@MatanglawinADMU